ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PAGGALUGAD SA KARANASAN NG MGA GURO SA PAGSASAKATUPARAN NG PAGTUTURO SA FILIPINO SA ELEMENTARYA SA IKA-21 SIGLO: ISANG PENOMENOLOHIKAL NA PAG-AARAL

**Regine G. Dolores**
*ORCID No.: 0009-0003-8041-1458*
*Student, Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology, Maniki, Kapalong Davao del Norte*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19738**
**DOI No: 10.36713/epra19738**

## ABSTRAK

*Ang layunin ng pag-aaral na ito ay galugarin ang mga karanasan ng mga guro sa elementarya na nagtuturo ng Filipino sa ika-21 siglo. Sinusuri nito ang kanilang mga pananaw, mga natamo mula sa kanilang karanasan, at kung paano nila hinarap ang mga hamon sa kanilang pagtuturo. Gumamit ng kwalitatibo na pamamaraan ng pananaliksik upang kolektahin ang kanilang mga karanasan, hamon, at mekanismo mula sa hamon na kanilang natamo. Ang mga datos na nakalap ay pamamagitan ng mga panayam at obserbasyon sa kanilang pang-araw-araw na mga gawain sa pagtuturo. Labing-apat na mga guro na nagtuturo ng Filipino sa elementarya ang naging kalahok sa pag-aaral. Ang mga resulta ng pag-aaral ay nagbigay-diin sa mga sumusunod na karanasan ng mga kalahok: kahirapan sa pagkuha at pagpapanatili ng atensyon ng mga bata, kakulangan sa kahandaan sa pagtuturo, paglaan ng oras sa pagsalin ng mga salita sa ibang wika, hamon sa emosyonal, na aspeto. At bilang tugon sa mga hamon, itinuring ng mga guro ang mga sumusunod na mekanismo sa pagharap una ay ang pagkakaroon ng mahabang pasensya, paggamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, pagiging inspirasyon sa mga bata upang mapahusay ang pagtuturo, pagbibigay ng premyo para sa aktibong pagtuturo. At sa kanilang pagninilay, natamo nila ang sumusunod na pananaw: Huwag mawalan ng pag-asa sa pagtuturo, gawin ang tungkulin bilang guro, maging determinado sa pagtuturo. Ang pag-aaral ay nagbigay-liwanag sa mga karanasan at mekanismo ng mga guro sa elementarya at nagmumungkahi ng mga paraan upang mapabuti ang kanilang paghahanda at pagtugon sa mga hamon sa kanilang propesyon sa ika-21 siglo.*

**MGA SUSING SALITA***: pagtuturo, Filipino, guro, elementarya, paggalugad, karanasan*

## INTRODUKSYON

Ang pagtuturo sa mga bata sa elementarya ay higit sa pagiging trabaho; ito'y isang pagtawag. Kinakailangan ang dedikasyon, pasyon, at tunay na pagmamahal sa mga bata. Ang mga epektibong guro ay lumilikha ng ligtas at nakakaingganyong kapaligiran kung saan bawat bata ay nararamdaman ang halaga at suporta. Sila ay nagbibigay-buhay sa kuryosidad na magtutulak sa mga estudyante sa isang buhay o habambuhay na paglalakbay ng pag-aaral at pagtuklas. Ang pagpapanatili ng kanilang interes, pagpapamahala ng maraming estilo ng pagtuturo, at pagpapalago ng positibong kapaligiran sa pag-aaral ay lahat ay nangangailangan ng katalinuhan, pasensya, at masusing pag-unawa sa proseso ng paglaki at pag-unlad ng bata (Jones, 2023).

Sa bansang Pransya partikular na sa lugar ng Senegal, ay kinikitaan ng kahirapan sa pagtuturo ng lengwaheng French, ang opisyal na lengwahe na ginagamit sa elementarya sa Pransya. Maraming guro sa elementarya sa Senegal ang hindi lubos na bihasa sa wikang Pranses. Ito ay maaaring maging sagabal sa kanilang kakayahan na lumikha ng matatag na pundasyon para sa mga kasanayan. Ang mga sobrang puno na silid-aralan at kakulangan sa mga kagamitan tulad ng mga aklat na napapanahon at mga *audio-visual* na tulong ay maaaring maging sagabal sa nagtuturo na magbigay ng pansin at lumikha ng nakakaingganyong mga karanasan sa pag-aaral. Ang pagtuturo ng Pranses sa mga paaralang elementarya sa Senegal ay nangangailangan ng isang may maraming hatid na paraan. Ang paghatid sa pakikilahok ng mga guro, mga limitasyon sa kagamitan, at pagsasang-ayon ng mga pamamaraan sa lokal na konteksto ay lahat mahalaga para sa pagtiyak na ang estudyante ay magkakaroon ng malalakas na kasanayan sa wikang Pranses na magtutulak sa kanila sa kanilang paglalakbay sa edukasyon (Diallo, 2022).

Sa Pilipinas, partikular na ang Cordillera Administrative Region (CAR) ay kinakitaan ng mga guro ang kahirapan sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagtuturo ng asignaturang Filipino sa kanilang mga estudyante lalo na halos sa kanila ay nagsasalita ng Wikang IP na siyang sinasalita sa kanilang komunidad. Maari itong maging hadlang sa kanila na makabuo ng ugnayan sa kanilang estudyante at maging mahirap sa kanila na ituro ang wikang Filipino. Ang isa pang hamon ay ang kakulangan ng mga materyal sa pag-aaral na angkop sa kultura para sa mga estudyanteng Filipino sa CAR. Karamihan sa mga aklat-aralin sa Filipino at iba pang kagamitan sa pag-aaral ay nakasulat sa Tagalog, ang pambansang wika ng Pilipinas. Gayunpaman, hindi Tagalog ang unang wika ng karamihan sa mga estudyanteng IP sa CAR. Ito ay maaaring maging mahirap para sa mga guro na makipag-ugnayan sa komunidad at makakuha ng suporta para sa kanilang trabaho (Baggio & Maruja, 2021)

Ang pagnanaliksik na ito ay may sapat na kahalagahan upang malaman ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino elementarya sapagkat sila ang naging daan para sa pagpapabuti ng sapat at tiyak na edukasyon sa wikang Filipino para sa lahat ng mga estduyante. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay naipakita ang mga hamon at pagkakataong kinakaharap ng mga guro, pagtukoy sa pinakamahuhusay na kagawian para sa epektibong pagtuturo ng asignaturang Filipino, pagbuo ng mas epektibong mga pagsasanay ng guro at mga pagkakataon sa pag-unlad ng propesyonal, mas masusuportahan natin ang mga nagtuturo at at mga nag-aaral sa ika-21 siglo. Ang mga natuklasan mula sa mga pag-aaral sa mga danas ng mga guro sa pag-aaral ng Filipino ay maaaring gamitin upang mapabuti ang edukasyon ng wikang Filipino sa maraming paraan.

May pagkakahalintulad ito sa pananaliksik na pinamagatang "*Experiences and Challenges Faced of the Public School Teachers Amidst the COVID-19 Pandemic: A Phenomenological Study in the Philippines"* na kung saan ay kinikitaan karamihan sa mga guro ay malaki ang pinagdaraanang hamon dahil sa kakulangan ng mga kagamitan, pag-handle sa mga estudyante, at ang pagsumite at dami ng trabaho na nagdudulot ng *stress* at *burnout* (Robosa et al, 2021). Hindi rin nagkakalayo ang pananaliksik na *"Examination of Classroom Teachers' 21st Century Teaching Skills"* na kung saan ay kinapapalooban ito ng mga karanasan kung paano naisasakatuparan ng mga guro ang pagtuturo sa ika-21 siglo. Sinuri sa pag-aaral ang kanilang antas ng sa pagtuturo sa konsepto ng ika-21 siglo ng mga guro sa silid-aralan. Nakapaloob rin sa pananaliksik kung paano nakaapekto ang mabilis na pag-unlad ng teknolohiya na nakakaapekto sa sistema ng edukasyon. Ang mga pag-unlad na ito ay nagtutulak ng pangangailangan para sa pagbabago sa kasanayan ng mga guro upang maipaghanda ng maayos ang mga estudyante para sa ika-21 siglo (Cosanay & Karali, 2022). Dagdag pa, ang pangangalap na ito ay nakatuon sa karanasan ng mga guro sa ng pagtuturo sa Filipino. Maaaring magkapareho ang layunin ng mga pananaliksik, subalit magkakaiba ang pokus ng mga asignaturang tinatalakay, pinagkukunan ng datos, mga kalahok, at ang lugar na pagdarausan ng pag-aaral.

Matapos ang pananaliksik na ito, layunin ng mananaliksik na ibahagi ang kaalamang nakalap sa mga sektor at konferensiyang may kaugnayan sa edukasyon. Ang mga resulta ng pag-aaral ay magiging mahalagang sanggunian para sa mga guro, magulang, at estudyante upang mas malalim na maunawaan ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa elementarya. Layunin din nitong magbigay ng pagkakataong maipahayag ang mga pananaw at nararamdaman ng mga guro at mag-aaral, na makakatulong sa pagbuo ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo.

**Layunin ng Pag-aaral**

Ang penomenolohikal na pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa elementarya ng Igangon Integrated School sa Davao del Norte. Tinutukoy nito kung paano hinarap at binigyan-solusyon ang mga suliraning kinaharap ng mga guro. Nilalayon din nitong matukoy ang pinakamahusay na paraan upang masuportahan ang mga guro at estudyante, upang masiguro ang epektibo at makabuluhang pagtuturo ng asignaturang Filipino sa ika-21 siglo.

**Mga Katanungan ng Pananaliksik**

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa paggalugad sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya sa ika-21 siglo. Layunin din nitong masagot ang mga sumusunod na katanungan:

1. Ano-ano ang mga naging karanasan at hamon sa pagtuturo ng mga guro sa Filipino sa Elementarya sa ika-21 siglo?
2. Paano nalampasan ng mga guro ang mga hamon sa kinakaharap sa pagtuturo ng Filipino sa Elementarya?
3. Anong mga pananaw ang makukuha ng mga kalahok sa kanilang mga karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa ika-21 siglo?

## METODO

Ang kabanatang ito ay tumutukoy sa mga disenyo at pamamaraan ng pananaliksik, kabilang ang pangangalap, pagsusuri, at pagtatasa ng datos. Binibigyang-halaga nito ang kredibilidad at etikal na aspeto ng pag-aaral upang mapanatili ang proteksyon at respeto sa mga partisipante. Layunin nitong tiyakin ang moral na integridad at kapakanan ng mga kalahok sa buong proseso ng pananaliksik.

**Disenyo ng Pananaliksik**

Gumamit ang mananaliksik ng kwalitatibong pamamaraan, partikular ang penomenolohiya, upang masuri nang mas malalim ang mga karanasan at estratehiyang ginamit ng mga guro sa pagharap sa mga hamon sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya. Layunin nitong maunawaan ang pag-uugali at ugnayan ng mga tao, pati na ang mga dahilan na gumagabay dito, sa konteksto ng mas malawak na panlipunang realidad tulad ng kultura, institusyon, at ugnayang pantao. Pinapakita nito na ang pag-uugali ng tao ay nakaugat sa mga salik na hindi madaling bilangin o sukatin (Valdez, 2019).

Sa kontekstong ito, ginamit ang kwalitatibong desinyo ng pananaliksik dahil ang hinahanapan ng aral ay ang mga karanasan ng guro, kung ano ang kanilang naging karanasan, paano nila napagtagumpayan ang mga hamon at maging ang mga pananaw na maaaring maibahagi nila sa iba. Ang mga nakalap na datos ay sa pamamaraang pasalita upang hindi ito masusukat at malaya ang mga partisipante na magbagi ng kanilang naging karanasan. Ang mga makakalap na datos ay magmula sa kanilang institusyon na kanilang pinapasukan. Ang kwalitatibong pag-aaral ay hindi nagsasama ng pagmamanipula o pag-aayos ng mga baryabol, o paggawa ng operasyunal na depinisyon ng mga baryabol para sa mga partisipante. Sa halip, ito ay naglalayong bigyan ng pagkakataon ang mga partisipante na magbigay ng kanilang sariling kahulugan at pananaw ukol sa isinasagawang pag-aaral

Ang penomenolohiya ay pag-ugat sa sikolohiya, edukasyon, at pilosopiya. Ang layunin nito ay kunin ang pinakadalisay na datos na hindi nakamit noon. Minsan ang mananaliksik ay nagtatala ng mga personal na tala tungkol sa kung ano ang kanilang natutuhan mula sa paksa. Nagdaragdag ito ng kredibilidad ng datos na nagbibigay-daan sa mga mananaliksik na alisin ang mga impluwensyang ito upang makagawa ng walang pinapanigan na mga salaysay (Harrapa, 2021)

Sa kontekstong ito, ang penomenolohiya bilang isang disiplina ay sangkot ang estruktura ng ibat-ibang uri ng karanasan na batay sa persepyon, pag-iisip, alaala, imahinasyon, emosyon, pagnanais, at pagkukusa sa kamalayang katawanin ng sosyal, gawaing sosyal, at gawaing linggwistika. Ang penomenolohiya ang ginamit sapagkat napapanahon ang ganitong isyu, ang mga kahirapan na dinanas ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga Kabataang nasa elementary ana kabilang sa ika-21 siglo. Kung kaya't kinakailangan itong pag-aralan dahil malaki ang magiging ambag ng magiging resulta nito.

**Tungkulin ng Mananaliksik**

Ang mananaliksik ay may malaking kahalagahan sa pagtiyak ng tagumpay ng pagsusuri sa mga isyu ng lipunan. Mahalagang isaalang-alang ng mananaliksik ang aktibong pakikilahok at ang oras na ibubuhos sa pag-aaral upang mangalap ng mga mahahalagang karanasan at pananaw ng mga guro hinggil sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa elementarya sa ika-21 siglo.

Batay sa pangunahing tungkulin bilang mananaliksik, ang mananaliksik ay susundin ang mga prinsipyong inilahad na nagsasabing ang kwalitatibo na pagsisiyasat ay nangangailangan na ang mananaliksik ay nakahanda para sa isang malawak na panahon para sa pagkolekta ng mga datos at sumulat ng mga mahahabang sulatin. Kinakailangan din ang mahabang pasensya para maisakatuparan ang ganitong pananaliksik. Kinakailangan ng mahabang oras at mahabang araw para maging matagupay ang pananaliksik na ito. Ang isang mananaliksik ay dapat may lakas ng loob at mataas na kompyansa sa sarili upang sa gayon maging makabuluhan ang gagawing pag-aaral (Creswell (2013),

Sa pag-aaral na ito, ang mananaliksik ay kailangang sumunod sa tamang proseso ng pananaliksik. Maghahain siya ng mga kinakailangang pahintulot mula sa mga may-katuturang awtoridad kaugnay ng isinasagawang pag-aaral. Pagkatapos, magsasagawa ang mananaliksik ng pagkuha ng datos mula sa mga inaasahang partisipante. Ang mga nakalap na datos ay idodokumento at isusuri ng mga eksperto. Matapos nito, isasama ang mga suhestiyon mula sa mga dalubhasa, batay sa mga teoryang nakuha, at gagamitin ang mga pamamaraang ito upang makapagtatag ng isang matibay na pundasyon para sa pag-aaral.

Pagkatapos, personal na humawak ng mga sulat na humingi ng permiso sa mga guro na partisipante upang isagawa ang pag-aaral. Kasunod nito, hinarap ang mananaliksik sa kanila upang personal na humingi ng permiso at ipaliwanag na ang pag-aaral na isasagawa at humingi ng iskedyul sa mga partisipante. Sila ay kusang-loob na magdedesisyon kung sila ay sasang-ayon o hindi sa gagawing pananaliksik.

**Mga Partisipante ng Pananaliksik**

Para sa pananaliksik na ito, inirekomenda nina Crouch at Mc Kenzie (2006) na ang pagkakaroon ng lima (5) hanggang dalawampu (20) na partisipante sa isang kwalitatibo na pananaliksik na makakatulong sa isang mananaliksik na bunuo at mapanatili ang isang malapit na relasyon at sa ganoon ay mapanatili ang "tuwiran" at "bukas" na palitan ng impormasyon. Sa katunayan, nakakatulong ito na malimita at mabawasan ang mga banta ng biases ng pagiging hindi pantay at matiyak na likas na balido ang husay ng pananaliksik. Dahil dito, napili ko ang tamang bilang ng labing-apat (14) na partisipante upang magkaroon ng mas epektibong pakikipanayam. Hahatiin ang mga ito sa dalawang grupo: pito (7) na partisipante ay sasailalim sa In-depth Interview (IDI) at ang natitirang pito (7) ay sasailalim sa Focus Group Discussion (FGD) upang masiguro ang isang masinsin at mabisang proseso ng pakikipanayam. Ang naging batayan ng mananaliksik sa pagpili ng mga partisipante ay ang mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa elementarya ng publikong paaralan sa Igangon Integrated School Munisipalidad ng San Isidro Davao del Norte. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay pinili dahil sa kanilang kakayahang magbigay ng mahalagang tugon sa mga tanong ng pananaliksik at magpahayag ng kanilang karanasan upang mapalawak ang pag-unawa sa usaping pinag-aaralan (Kuper et al., 2008). Sa pakikipanayam, pinili ang labing-apat (14) na mga respondente batay sa tatlong kriterya. Una, guro na nagtuturo sa publikong elementarya sa paaralan ng Igangon Integrated School. Pangalawa, ay siya ay nagtuturo ng Filipino at ang huli ay siya ay nagtuturo ng hindi bababa sa isang (1) taon sa paaralan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Paglikom ng mga Datos**

Ang mananaliksik ay nagsagawa ng mga gabay na katanungan para sa panayam na ginamit sa pangangalap ng mga datos sa pag-aaral na ito. Ang talatanungan ay isinailalim sa parehong internal at eksternal na balidasyon mula sa mga eksperto sa kwalitatibong pananaliksik. Ang mga datos na nakolekta ay mula sa mga guro ng Igangon Integrated School. Ayon kay Yin (2010), ang mga konsepto, pamamaraan, at kagamitan sa pangangalap ng datos ay naisaayos habang ang pag-aaral ay umuunlad. Sa pag-aaral ni Creswell (2013), na binanggit ni Khan (2020), itinuturing ang kwalitatibong pamamaraan bilang isang set ng mga teknika na nagbibigay-kahulugan sa pamamagitan ng pagbabasa, paglalarawan, pagsasalin, at pagbibigay ng natural na interpretasyon. Ang pangangalap ng datos ay isang mahalagang bahagi ng anumang pananaliksik, kung saan sa pamamagitan ng tamang proseso ng pagkolekta at pagsusuri ng mga impormasyon, masusuri nang maayos ang mga resulta ng pananaliksik at masagot ang mga katanungan na itinakda sa gabay ng panayam (Mouton, 2001)

Matapos ang pagtibayin ang paksa, ang unang hakbang na isinagawa ng mananaliksik sa pangangalap ng datos ay ang pagpapadala ng liham ng pag-endorso sa Superintendent ng Pangunahing Sangay ng mga Paaralan sa Dibisyon ng Davao del Norte. Inantay ng mananaliksik ang pag-apruba ng liham-pahintulot na ipinadala pati na rin ang sertipiko mula sa pinakamataas na pamunuan ng paaralan na kinabibilangan niya. Kapag nakuha na ang pahintulot, agad niyang ipinasa ang liham-pahintulot sa Superintendent ng Pampublikong Paaralan sa Distrito ng paaralang sasaliksikan. Matapos ang aprubal, muling nagpadala ng liham-patnugot ang tagasaliksik sa punong-guro ng paaralan, at pati na rin sa mga napiling partisipante sa pamamagitan ng Gmail o Messenger upang ipaalam sa kanila na sila ang mga napiling kalahok sa pananaliksik. Ang positibong tugon mula sa mga partisipante sa mga liham-pahintulot ay nagsilbing tanda ng kanilang pagsang-ayon sa paglahok sa pag-aaral.

Ang mga partisipante ay napili gamit ang purposive sampling, batay sa kanilang kusang-loob na pagpayag at pagkaunawa sa layunin ng pag-aaral. Binigyan sila ng face-to-face at online na oryentasyon sa Zoom at Google Meet, na nagbigay ng malinaw na gabay tungkol sa proseso ng pangangalap ng datos at katiyakang mananatiling pribado ang lahat ng impormasyon. Siniguro rin na susunod ang pananaliksik sa mga alituntuning itinakda ng IATF upang mapanatili ang kaligtasan ng mga kalahok (IATF-EID o IATF)

Pangatlo, habang isinagawa ang panayam, Inirekord ang mga interbyu upang matiyak na walang mahalagang impormasyon ang makakaligtaan at upang maging maginhawa para sa mananaliksik na pakinggan muli ito sakaling may pagkalito. Gayunpaman, bago magsimula ang pagrerekord, humingi muna ang mananaliksik ng pahintulot mula sa mga partisipante. Ang mga naitalang tugon ay maingat na sinuri upang masiguro na matutugunan ang mga katanungan sa pananaliksik. Bago rin isinagawa ang mga pinalalim at pangkatang pakikipanayam, ang mga gabay na tanong na batay sa layunin ng pag-aaral ay inihanda na ng mananaliksik upang matamo ang mga makabuluhang impormasyon mula sa mga partisipante

Ang mga kasagutan mula sa mga kalahok ay naitala gamit ang pagsusulat, audio recording, at virtual conferencing apps upang maiwasan ang maling interpretasyon. Ang mga datos ay ligtas na iniimbak sa flash drive o laptop upang mapanatili ang kanilang pagiging pribado. Isa sa mga hamon ng mananaliksik ang maayos na pag-organisa ng kwalitatibong datos, lalo na't ang layunin ay makuha ang personal na pananaw at saloobin ng mga kalahok.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Sa aking pagsasaliksik, malinaw kong ibinahagi ang mga nakalap na datos at maingat na sinuri alinsunod sa layunin at pangangailangan ng pananaliksik. Ipinakita dito ang tamang pagsusuri ng mga tugon ng mga partisipante upang makabuo ng mga resulta. Kaya't ang layunin ng pagsusuri ng datos ay matukoy ang mga karaniwang ideya upang masagot ang mga tanong sa pananaliksik.

Sa konteksto ng aking pag-aaral, ayon kay Khan (2020), ang proseso ng kwalitatibong pag-aanalisa ng datos ay sumusunod sa limang hakbang na pangunahing hakbang. Kasama rito ang *data coding* at *thematic analysis*, na aking ginamit upang masusing suriin ang aking mga datos sa aking pag-aaral.

Sa *data coding* sa kwalitatibong pagsusuri, ito ay tumutukoy sa pagtukoy at pag-label ng mga kategorya o *code* sa iba't ibang bahagi ng teksto na may kaugnayan sa tema ng aking pag-aaral. Aking isinagawa ang *coding* upang maikli ang mga datos at maiayos ito sa isang makabuluhang pagsusuri (Khan, 2020).

Pagkatapos kong makuha ang datos mula sa mga panayam, aking inayos ito, nang maayos at isinagawa ang pagsusuri sa mga ito upang malinaw na makuha ang mga pangunahing tema na naglalayong magbigay-linaw sa mga tanong at layunin ng aking pananaliksik.

Kasunod nito, isinasagawa ng mananaliksik ang tematikong pamamaraan ng pagsusuri. Ito ay ginagamit upang mag-interpret at ayusin ang mga pangunahing tema na lilitaw mula sa datos. Sa tematikong pagsusuri, mahalaga ang pagsasaalang-alang ng teorya upang malinaw na matukoy ang mga aspeto ng kaso sa pagsusuri. Itinuturing itong isang malawak na hakbang sa pagsusuri ng kwalitatibong pananaliksik. Inilalahad sa artikulo ang mga hakbang kung paano magagamit ng isang baguhang mananaliksik ang tematikong pagsusuri sa isang sistematikong paraan. Binanggit din na ito ay isang mahahalagang pamamaraan sa pagsusuri na tumutulong sa pagpapalawak at pagsusuri ng kalidad at kredibilidad ng kwalitatibong pananaliksik (Braun & Clarke, 2006 et al.,)

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

Sa pagsasagawa ng aking pag-aaral, kasama sa aking pamamaraan ang tematikong pagsusuri ng datos. Layunin nito ang pag-pokus, pag-identipika, at paglalarawan ng mga ideya na maaaring *explicit o implicit* na makita sa aking mga nakalap na datos, na makakatulong sa pagkilala at pagsasaayos ng mga temang lumitaw. Ginamit ko ang mga itinakdang *code* gamit ang aking sistema ng *coding* upang maipakita at mailarawan ng maayos ang mga tema na nakita sa aking mga datos. Ang aking inaasahan ay ang makakatulong itong proseso ng tematikong pagsusuri sa pagsasalin ng mga pahayag at kahulugan mula sa mga panayam ng mga partisipante. Ang mga *code* na aking ginawa ay nag-ambag ng malaki sa maingat na pagbuo ng mga temang nagmula sa aking pagsusuri, na naglalayong malinaw na maipahayag ang mga pagsubok at problema na kinakaharap ng mga estudyante sa kanilang mga pagsusulit.

**Pagtitiwala sa Kawastuhan at Katotohanan sa Pag-aaral**

Sa kwalitatibong pananaliksik na ito, upang matiyak ang kredibilidad ng pag-aaral, binigyan ko ng mataas na halaga ang pagtitiwala sa kawastuhan. Ang pagtitiwala sa kawastuhan ay naglalaman ng apat na mahahalagang krayterya na kailangan pagtuunan ng pansin: halaga sa katotohanan (para sa kredibilidad), pagiging akma (para sa *transferability*), hindi pagbabago (para sa *dependability*), at neutralidad (para sa *confirmability*) (Lincoln & Guba,1985),

Ang katotohanan ay tumutukoy sa pagkakaroon ng tamang representasyon ng mga resulta ng pag-aaral batay sa mga makatarungan at kapani-paniwalang interpretasyon at pagsusuri ng mga datos mula sa mga orihinal na impormasyon ng mga partisipante (Lincoln & Guba, 1985). Upang matugunan ang isyu ng kredibilidad, gagamit ako ng mga pamamaraan tulad ng trayanggulasyon, paulit-ulit na pag-validate, at *member checking* upang tiyakin ang eksaktong halaga at kalidad ng mga datos.

Ang trayanggulasyon ay ginagamit upang tiyakin ang balidasyon at beripikasyon ng datos sa pamamagitan ng iba't ibang pamamaraan, tulad ng pinalalim na panayam, pangkatang talakayan, at paulit-ulit na pagtatanong. Ang prosesong ito ay layuning tukuyin ang mahahalagang konsepto at alisin ang mga hindi angkop na sagot, upang mapatibay ang resulta ng pag-aaral. Karagdagang kredibilidad ay tinitiyak sa pamamagitan ng member checking, isang napatunayang epektibong pamamaraan ayon kina Lincoln at Guba (1985), na nagbibigay-daan para sa pagsusuri ng mga kalahok sa mga natuklasan.

Pagkatapos makuha ang lahat ng datos at maisalin ito sa tulong ng aking tagapag-analisa ng datos at tagapayo, sisiguraduhin ko rin na mabibigyan ng pagkakataon ang mga partisipante upang suriin kung tama ang impormasyong naibigay nila. Ito ay upang matiyak ang kredibilidad ng mga resulta ng pananaliksik. Sa pamamaraang ito, masisiyasat at mabeberipika ang katumpakan ng kanilang mga pahayag, pati na rin mas maayos na masusuri ang kabuuan ng proseso ng pag-unawa sa mga datos at mga resulta (Lincoln & Guba, 1985).

Ang transpiralidad ito ay nagpapakita na ang mga natuklasan sa pag-aaral ay maaaring mailapat sa iba pang mga konteksto. Mahalaga ang pagbibigay-diin sa karagdagang impormasyon upang masiguro ang maayos na pagsasalin at paggamit ng datos para sa iba pang kaugnay na pananaliksik. Upang makamit ang transferabilidad sa aking pananaliksik, sisiguraduhin kong makalikha ng detalyado at komprehensibong deskripsiyon ng aking pamamaraan at ng mga penomenang nakasentro sa aking pag-aaral. Bukod dito, titiyakin kong maayos ang organisasyon ng lahat ng datos upang mapanatili ang kredibilidad at tama ang transferabilidad ng aking pananaliksik (Creswell, 2014).

Ang pagkamaasahan Ang pagtatala ay tumutukoy sa kalidad ng pinag-isang mga proseso sa pangangalap at pagsusuri ng datos, kasama na ang mahusay na pagpapaliwanag ng mga fenomena. Ayon kina Lincoln at Guba (1995), malapit ang ugnayan ng credibility at dependability. Idiniin nila na ang pagsisiguro ng credibility ay mahalaga upang makamit ang dependability. Magagawa ito gamit ang mga magkakapatong na pamamaraan tulad ng masusing panayam (*In-Depth Interview*) at sama-samang talakayan (*Focus-Group Discussion*) (Creswell, 2013; )

Sa aking pananaliksik, binigyang-halaga ang pagkamaaasahan sa pamamagitan ng detalyadong paglalahad ng mga prosesong isinagawa, upang magsilbing gabay sa mga susunod na mananaliksik. Gumamit ako ng "overlapping method," na naglalaman ng iba't ibang pamamaraan sa pangangalap ng datos, tulad ng palalim na panayam at pangkatang talakayan gamit ang interview guide question. Bukod dito, isinama ang trayanggulasyon upang matiyak ang kredibilidad at katumpakan ng mga nakalap na datos

Panghuli ang *confirmability* ay tinatawag din na auditability. Ang confirmability ay isang sukatan ng neutralidad o ang lawak kung saan ang mga resulta ng pag-aaral ay naipaliwanag ng mga partisipante nang walang impluwensya ng pagkiling, motibo, o interes ng mananaliksik (Cohen & Crabtree, 2008). Ito ay tumutukoy sa kung gaano ka-konsistente at suportado ng mga nakolektang datos ang mga resulta ng pananaliksik.(Lincoln & Guba, 1985).

Ang detalyadong paglalarawan ng mga prosesong isinagawa ay nagdudulot ng malinaw na pagkaunawa sa paraan ng pangangalap ng datos sa pananaliksik. Isa sa pinakamahirap na bahagi ng confirmability ay ang audit trail, na nagbibigay-daan sa mga mambabasa na suriin ang bawat hakbang ng pag-aaral (Guba & Lincoln, 1995)

Sa aking pag-aaral, tiniyak kong makuha at maligpit ang mga datos. Mahalaga na maiimbak ang mga datos na nakuha nang maayos at ligtas upang sa oras ng pangangailangan, madali itong makita ng aking research panel at tagapayo. Sa ganitong paraan, magkakaroon sila ng kakayahang iwasto ang bawat interpretasyon at konklusyon ng aking pananaliksik, na may malinaw at tapat na pinagmulan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Pagsasaalang-alang sa Paniniwalang Moral**

Mahalaga para sa isang mananaliksik na isaalang-alang ang mga moral at etikal na aspeto sa kanilang pag-aaral. Sa proseso ng pananaliksik, kinakailangang unahin ang kapakanan at kaligtasan ng mga kalahok upang mapanatili ang kanilang tiwala sa mananaliksik. Ang mga mananaliksik ay sumunod sa lahat ng etikal na pamantayan sa pagsasagawa ng pag-aaral. Kabilang ang mga sumusunod paggalang sa mga kalahok, katarungan, pagkakaroon ng pahintulot, at pagiging kumpidensyal ng impormasyon (Resnik, 2011 et al.,)

Ang **respeto** sa mga tao ay obligasyon ng mananaliksik upang hindi mapagsamantalahan ang mga kahinaan ng mga kalahok sa pananaliksik. Aking isinaalang-alang ang aking paggalang sa mga kalahok, lalo na sa kanilang karapatan upang mapanatili ang mabuting ugnayan at pagtitiwala sa isa't isa. Kumuha ako ng pahintulot mula sa mga awtoridad na may kinalaman sa mga datos na ginamit sa pag-aaral. Matapos nito, nagsumite rin ako ng kahilingan para sa pahintulot sa tagapangasiwa ng paaralan bago magsimula ang pagsusuri.(Creswell, 2012).

Mahalaga rin ang pagbibigay ng liham pahintulot bilang tanda ng paggalang sa mga kinauukulan. Sa pamamagitan nito, naipapaliwanag sa mga kalahok ang layunin ng pananaliksik na kanilang sasalihan at nabibigyang-diin ang kanilang malayang pagpapasya sa pakikilahok. Ang liham na ito ay naglalaman ng pangunahing layunin ng pag-aaral at mga mahahalagang detalye tungkol sa mananaliksik (Creswell, 2012)

Sa kontekstong ito, ipinapakita lamang na ang pagbibigiay respeto sa mga partisipante ay nangangahulugang nirerespeto rin ng mananaliksik ang kanyang pag- aaral. Ang pagbigay ko ng respeto sa kanila katulad ng pormal na pagbibigay ng liham pahintulot at pagtanong sa kanila kung gusto ba nilang makibahagi sa pag- aaral na ito ay nagpapakita na seryoso ako sa mga inihanda kong katanungan maging na rin sa seryoso ako na makatanggap din ng mga totoong sagot mula sa kanilang naging karanasan sa pagtuturo ng wikang Filipino sa elementarya at maging na rin sa sasali paghahanap ng tamang panumbas.

Isinaalang-alang ko din ang prinsipyong **beneficence** ito ay tumutukoy sa pagpapahalaga sa mga partisipante, pagtiyak sa kanilang kabuuang kapakanan, paglimita sa anumang potensyal na panganib, at pagpapakita ng balanse sa pagitan ng mga benepisyo ng pananaliksik at pag-iwas sa anumang posibleng pinsala, maging para sa mananaliksik o mga kalahok (Creswell, 2007).

Sa kontekstong ito, ipinahihiwatig nito na kailangang maiwasan ang anumang panganib at panatilihing balanse ang lahat ng aspeto. Ang mga benepisyo ng pananaliksik ay maaaring magmula sa aktibong partisipasyon ng mga kalahok, sa pagkakataong makapagbigay ng positibong kontribusyon sa komunidad, o sa pagtanggap ng karampatang pagpapahalaga.

Ang **pahintulot** din ang isa sa daan sa pagpapakita at pagbibigay respeto sa panahon ng pananaliksik. Gusto iparating sa mga pamumunuan ukol sa kahalagahan at layunin ng pag-aaral na mapaloob sila dito. Ang pagbuo ng written consent ay nakalaan bilang pagsang-ayon. Ang kanilang positibong tugon ay nagpapakita ng kahandaan sa pag-aaral na ito (Creswell, 2007)

Ang prinsipyong ng **kabutihan** ay nangangahulugan ng interes ng mga mananaliksik sa pagsasaliksik sa konteksto ng kanilang mga kalahok. Ito ay nagmumula sa layunin na bawasan ang mga potensyal na panganib na maaring maidulot ng pananaliksik sa mga kalahok, habang pinapalakas ang mga benepisyo para sa kanila at para sa lipunan. Halimbawa, kapag nagpaplano ng disenyo ng pananaliksik, ang prinsipyong ito ay dapat maging pangunahing gabay upang suriin kung may alternatibong paraan na maaaring makuha ang parehong impormasyon ngunit may mas mababang panganib para sa mga kalahok (Salganik, 2014).

Akin ding isinaalang-alang ang **kompidensyalidad** ng mga partisipante, at maging ang kanilang mga tugon. Lahat ng mga partisipante ay ginawan ng ngalang-sagisag Bawat isa ay binigyan ng kasiguraduhang ang lahat ng kanilang pagkakakilanlan, mga tugon at pagbabahaging gagawin ay mananatiling lihim sa pagitan nila at ako bilang mananaliksik.

Ang pagiging kompidensyal sa pagitan ng mananaliksik at paksa ng pananaliksik ay dapat ituring bilang isang obligasyon para sa mananalisik at isang karapatan para sa paksa ng pananaliksik. Ang bawat tao'y may karapatang higpitan ang pag-access ng iba sa ilang uri ng impormasyon tungkol sa kanilang tao. Ang paggalang sa indibidwal ay dapat isaisip dito, dahil ang personal na datos ay maaaring magiging mali ang paggamit. Kahit na walang ganoong maling paggamit, maaari itong maging hindi kasiya-siya at nakakapinsala kung ang sensitibong impormasyon ay naliligaw. Nalalapat ito una at pangunahin sa mga indibidwal at kanilang mga pamilya ngunit nangangailangan din ng pagsasaalang-alang ang mga grupo at institusyon (Torp, 2015)

Sa kontekstong ito, ang pag-iingat ko sa mga personal na datos ng mga partisipante ay nangangahulugan lamang na nirerespeto ko silang lahat. Mahalagang mapanatili ang kompidensyalidad ng lahat na kanilang naibigay tulad na lamang ng totoo nilang pangalan na pinalitan ng ngalang-sagisag. mga sagot na kanilang nasambit, mga opinion na kanilan iniahayag maging ng mga pasumbaling na hindi dapaat marinig o malaman ng iba. Hindi ito dapat mapakinggan ng ibang tao dahil baka magamit ito sa mang paraan at baka na rin masira ang tiwala ng kanilang tagatanong at tagasaliksik.

Ang **katarungan** ay nangangailangan ng makatarungang pamamahagi ng mga panganib at benepisyo na nagmumula sa pananaliksik. Mahalaga ito upang kilalanin ang mga ambag ng mga kalahok, dahil sila ang mahalagang bahagi ng tagumpay

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

ng pag-aaral. Nararapat lamang na bigyan sila ng angkop na pagpapahalaga bilang pagkilala sa kanilang dedikasyon at pagmamalasakit (Bloom and Crabtree, 2006).

Sa kontekstong ito, bilang pagpapasalamat sa kanilang panahong inilaan, makatarungan lamang na sila ay aking pinakain at inabutan ng kaunting regalo bilang apresasyon ko sa kanilang naging tulong. Bilang mananaliksik, ako ay umaasang sa pamamagitan isinagawang panayam, naibsan ang bigat na kanilang dinadala dahil sa mga naranasan nilang hindi magaganda sa pagtuturo ng wikang Filipino sa elementarya at sa paghahanap ng mga solusyon sa kanilang dinadanas. Naihayag nila nang mabuti ang kanilang saloobin at opinyon na siyang daan upang marinig din ang kanilang panig.

**Kabanata 3**
**RESULTA**

Ang impormasyon na nakuha mula sa pagsasaliksik na ito ay mahalaga sa pagkamit ng mga positibong resulta. Ginamit ang mga pamamaraan ng In-depth Interview at Focus Group Discussion para makalap ang mga datos, na kung saan ang mga smartphone at voice recorder ang ginamit sa pagsasagawa. Ang mga sagot ng mga kalahok ay na-transcribe, na-encode, at isinalin sa wikang Filipino bago sumailalim sa masusing pagsusuri upang tiyakin ang kahusayan at ang pagkakategorya ng mga tema. Ang pitong (7) kalahok ng In-depth Interview at pitong (7) kalahok ng Focus Group Discussion ay pawang mga guro sa elementarya ng Igangon na nagtuturo ng wikang Filipino. Ang kanilang mga kontribusyon ay nakatulong sa pagbibigay-liwanag sa kanilang mga naging karanasan upang maisakatuparan ang pagtuturo ng wikang Filipino sa mga estudyante sa elementarya ngayong ika 21-siglo.

Ang bahaging ito ay nagbigay ng mga detalye sa resulta ng qualitative analysis upang sagutin ang mga sumusunod na katanungan sa pananaliksik:

1. Ano-ano ang iyong mga naging karanasan at hamon sa pagtuturo ng Filipino sa Elementarya sa ika-21 siglo?
2. Paano nalampasan ng mga guro ang mga hamon sa kinakaharap sa pagtuturo ng Filipino sa Elementarya?
3. Anong mga pananaw ang makukuha ng mga kalahok sa kanilang mga karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa ika-21 siglo?

Ang kabanatang ito ay nahahati sa apat na bahagi. Ang Unang Bahagi ay tumatalakay sa mga datos mula sa mga kalahok, kung saan nakolekta ang qualitative data; ang Ikalawang Bahagi ay nagsasaad ng pagsusuri ng datos, mga pamamaraan, at mga hakbang sa pag-kategorya ng mga umuusbong na tema mula sa resulta ng In-depth Interview; ang Ikatlong Bahagi ay naglalaman ng mga tugon sa panayam na kaugnay ng mga problema sa pananaliksik; at ang Pang-apat na Bahagi ay naglalahad ng buod ng mga tugon

**Mga Kalahok**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga guro na nagtuturo ng Filipino sa elementarya ng Igangon Integrated School.Tulad ng ipinapakita sa Table 1, kabuuang 14 ang nakilahok sa pag-aaral na ito. Kabilang sa pag-aaral ang labing-apat (14) na kalahok para sa in-depth interview at focus-group discussion. Sa bilang na ito, pito (7) ang lumahok sa in-depth interview, samantalang pito (7) rin ang kasali sa focus-group discussion. Silang lahat ay mga guro na nagtuturo ng wikang Filipino sa publikong paaralan ng Igangon.

Alinsunod sa prinsipyo ng kumpidensyalidad, isang palayaw ang ipinangkakaloob sa bawat kalahok sa panahon ng in-depth interview, sumusunod sa pamamaraang ginamit ni Bernal (2014). Ang mga palayaw ay pinili ng mga kalahok mismo, batay sa kanilang kagustuhan at kakaibang pisikal na katangian, pati na rin ang kanilang mga tugon at pag-uugali na natutunghayan sa buong sesyon ng panayam

**Pagkategorya ng Datos**

Matapos ang balidasyon ng mga katanungan sa pananaliksik ay ang pagsasagawa ng in-Depth Interview na kung saan ang mga voice-recording ay na-transcribe, isinalin, at sinuri. Ang pagsusuri ay nagsisimula sa proseso ng coding. Ang proseso ng coding ay ang proseso ng pag-aayos ng mga materyales sa mga tipak ng teksto ng segment bago dalhin ang kahulugan sa impormasyon. Ginamit ang prosesong ito upang makabuo ng paglalarawan ng setting ng mga tao gayundin ang pagkakategorya ng mga tema para sa pagsusuri. Nakasanayan na ang mga tema ay hinuhugis sa pangkalahatang paglalarawan ng isyung pinag-aaralan. Ang mga resulta ng datos ay ipinakita sa anyo ng talahanayan. Ang mga datos na nakalap ay iniabot sa nakatalagang data analyst upang aprubahan at i-*verify* ang datos at ang mga umuusbong na tema na ginawa at sinuri ng mananaliksik.

Sa pagkategorya ng mga datos, ang mga tema ay inilahad sa bawat talatanungan upang ito ay hatiin sa iba't ibang kategorya at makabuo ng sentrong tema. Ang mga temang nabuo mula sa pag-aaral ay masusing tinalakay upang makapaglahad ng tuwirang mga deskripsyon. Sumunod naman sa mga pangunahing tema ay ang mga talahanayan na kung saan napapaloob ang pangunahing ideya ng mga partisipante batay sa kanilang mga tugon.

Dagdag pa rito, ang pag-aanalisa ng mga datos na makikita sa mga Talahanayan sa baba, upang maikategorya ang mga datos na ito, ang mga tema ay inilahad sa bawat katanungan ng pag-aaral at tinawag na mga sentrong tema. Ang nasa tapat naman ng mga mahahalagang tema sa talahanayan ay ang mga kasamang ideya mula sa tugon ng mga partisipante. Idinagdag ang isang hanay sa talahanayan na ipinapakita ang frequency ng mga tugon, na kung saan naging batayan para sa klasipikasyon ng pangkalahatan, tipikal at nauuri base sa natalakay.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Unang Tanong sa Pananaliksik: Ano-ano ang iyong mga naging karanasan at hamon sa pagtuturo ng Filipino sa Elementarya sa ika-21 siglo?**

Upang sagutin ang tanong na ito sa pananaliksik, isinagawa ang pinalalim na panayam at pangkatang panayam sa mga kalahok, ayon sa kanilang pagkakasunod-sunod.

**Talahanayan 2**
**Mga Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino sa ika- 21 siglo**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Kahirapan sa Pagkuha at Pagpapanatili ng Atensyon ng mga Bata** | • Marami akong mga karanasan lalo na sa aking pagtuturo sa Filipino lalo na ngayong henerasyon, isa na riyan na ang mga bata ay aabot lamang sa dalawa (2) hanggang lima (5) minuto ang kanilang atensyon sa pagkikinig habang akoy nagtuturo. Kung meron mang aabot sa ganoong oras ay iilan na lamang at sila yung tinatawag na average learner (IDI-01)<br>• Marami akong karanasan sa pagtuturo ng Wikang Filipino lalo ng ngayong siglo, una na riyan ay ang pakikinig ng mga bata, mahirap kunin alam naman natin na unang hakbang ang elementarya dito makikita kung gaano sila kalikot at ang kanilang atensyon ay hindi agad agad na makukuha. Ako, bilang guro ay tinataasan ko talaga aking pasensya na turuan sila nitong asignatura (IDI-02)<br>• Una na riyan ay kung papaano makuha ang atensyon ng bata, isa itong balakid sapagkat mawala ka rin sa iyong tinuro para makuha mo lang yong atensyon ng ng bata "(IDI-03)<br>• Malaki ang epekto sa akin bilang isang guro sa Filipino yung mga oras na hindi makinig ang mga studyante at malayo ang kanilang atensyon sa aking tinuturo. Malaki ang epekto nito sapagkat wala silang matutunan sa aking pagtuturo (IDI-04)<br>• Bilang isang guro sa Filipino ay marami na rin akong nararanasan lalo na sa aking pagtuturo sa aking mga estudyante isa na riyan na hindi madali ang pagtuturo lalo na kung ang mga estudyante ay wala ang attention sa asignatura, ang iba ay maliit lang ang kasanayan sa pakikinig, kinakailangan pa na mag paulit uli para mauunawaan ng mga bata"(IDI-05)<br>• Ang mga learning skills ng mga bata ay kunti lang tapos mawala agad yung attention nila sa aking pagtuturo, lalo na ako na guro sa Filipino mabilis lang na mabagot aking mga studyante sa aking pagtuturo (IDI-07)<br>• Ang aking mga karanasan sa pagtuturo sa ika 21 siglo ay medyo mahirap siya. Hindi mahirap magturo ng Filipino doon ako nahihirapan kung paano makuha ang atensyon ng mga bata (FGD-01)<br>• Siguro balakid sa akin ay yung paano maging masigla ang pagtuturo ng Filipino, balakid sa akin kung papaano kunin yung atensyon ng mga bata sa diskusyon, may iba na naiidlip o yung iba naman ay nakikinig ngunit wala naman sa diskusyon ang attention (FGD-05) |
| | • Siguro ang mga karanasan ko sa pagtuturo ng Filipino ay yung kinakailangan pa na isalin yung salita sa Bisaya dahil hindi agad nila maiintindihan lalo na kung may malalim na salita sa Filipino dahil hindi ito ang lengwaheng ginamit sa araw-araw"(IDI-01)<br>• Ang mga hamon na aking naranasan sa pagtuturo ng Filipino ay yung mga oras na nahihirapan si studyante kung anong gawin. May mga salita na malalim na kinakailangan na isalin sa ibang lengwahe para mas mauunawaan ng bata. Dagdag pa meron ring mga malilikot na |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| **Paglalaan ng Madaming oras sa pagsasalin ng Salita sa Ibang Wika** | mga bata, may matutulog sa klase kaya malaki siyang balakid sa pagtuturo sa kanila" (IDI-02)<br>• Siguro yung mga oras na hindi na maiintindihan ng mga mag-aaral ang Filipino, dahil mas bihasa sila sila sa kanilang nakasanayan na wika. Kagaya ng Bisaya, kailangan ko pang magdagdag ng mga paliwanag upang mas higit nilang mauunawaan" (IDI-03)<br>• Yung mga oras na nahihirapan si student sa pag intindi sa isang malalim na salita sa Filipino tapos kinakailangan mo pa na isalin o gagamit ng mga larawan para mauunawan ng estudyante"(IDI-04)<br>• Yung mga salita na mahihirapan ang mga studyante, hindi ka agad na makapunta sa sapagkat nahihirapan pa ang ang mga bata na intindihin ang salita, kinakailangan mo pa na iplaiwanag para lang na maiintindihan nila"(FGD-02)<br>• Ang paghandle sa kanila, nahihirapan sila sa pag intindi ng nga salita sa Filipino, may kakaunti na nakakaintindi pero yung iba ay kiinakailangan mo pa na isalin yung salita sa bisaya para lang na maintindihan ng hindi lang ng isang bata kundi ng lahat na rin nga mga estudyante ko" (FGD-06) |
| **Nakaramdam ng Iba't ibang Emosyon** | • Naramdaman ko ay masaya at hinanakit. Masaya sa paraang makapagbigay akong ng kaalaman sa mga bata pero mas nangingibabaw ang pagiging hinanakit sapagkat kadalasan sa mga bata ngayon ay wala ng respeto, masakit man ngunit ito ang katotohanan dahil sa modernong panahon"(IDI-01)<br>• Halo-halong emosyon hindi dapat tayo nagpapakita sa harap ng mga estudyante na tayo ay napapanghinaan nang loob bagkus ginapakita natu sa ila kung gaano tayo ka pursigido na maturuan sila"(IDI-02)<br>• Ang aking mga emosyon habang akoy nagtuturo ng Filipino sa aking mga estudyante ay dapat na masaya at sa ganoon ay magpakita ng normal na emosyon, hindi dapat na magpakita ng mga emosyon na hindi para sa estudyante at higit sa lahat hindi dalhin sa paaralan ang pagiging emsoyonal ng guro (FGD-02) |
| **Kakulangan sa Kahandaan sa Pagtuturo** | • Ang kakulangan sa kahandaan sa pagtuturo sapagkat bilang isang guro sa elementarya ay hindi lamang iisang asignatura aming dala ngunit mayroon pang iba" (IDI-06)<br>• Ang mga balakid ay ang kakulangan sa kahandaan sa pagtuturo dahil hindi isang asignatura ang hinaawakan kaya may mga tendency na hindi mauuna yung ibang asignatura, sa kagamitan sa pagtuturo, sa mga instructional materials dahil may TV yung mga rooms pero yung sa amin lang ay kung paano namin punan yung mga bagay na ginagamit namin araw-araw namin na pagtuturo"(FGD-01)<br>• Siguro para sa ako ay ang kakulangan sa kahandaan sa pagtuturo sa asignatura dahil hindi lang isang asignatura yung hinahawakan at pa iba-ibang asignatura pagkatapos ng isang oras ang aming itinuturo so bago kami magtuturo ay kinakailangan na e handa yung gamit ngunit mayroon talaga na hindi mahandaan o di kaya'y makalimutan kaya balakid siya para sa akin" (FGD-06)<br>• Para sa akin ay balakid yung kakulangan sa kagamitan sa pagtuturo at kakulangan sa kahandaan sa pagtuturo dahil para sakin na mahirap kung wala kang sariling estratehiya na gagamitin para maipakita mo sa iyong mga estudyante tulad ng kagamitan gaya ng mga pitures na ipakita sa kanila para mas maingganyo sila na matuto, magpartisipa at making" (FGD-07) |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Pangalawang tanong sa Pananaliksik: Paano nalampasan ng mga guro ang mga hamon sa kinakaharap sa pagtuturo ng Filipino sa Elementarya?**

Ang mga pangunahing tema at mga ideya para sa pananaliksik na tanong bilang 2 ay ipinapakita sa Talahanayan 3. Ang mga kalahok ay may mga tugon sa kung paano nila napagtagumpayan ang mga hamon na kanilang kinakaharap sa pagtuturo ng Filipino sa mga bata sa elementarya sa ika 21-siglo. Mula sa mga sagot ng mga kalahok sa pananaliksik ay may apat (4) na pangunahing tema na lumitaw: 1.) magbaon ng mahabang pasensya, 2.) gagamit ng iba't ibang estratehiya sa pagtuturo, 3.) Maging Inspirasyon ang mga bata para mas mapahusay ang pagtuturo, 4.) Magbigay ng mga Incentives para sa Inganyong Pagtuturo. Matutunghayan sa talahanayan 3 ang mga lumitaw na tema at pangunahing ideya o kaisipan tungkol sa kung paano napagtagumpayan ang mga hamon ng mga guro ukol sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya ngayong ika-21 siglo.

Ang mga hamon at sa pagharap ng kanilang mga hamon ay bahagi na ng buhay ng bawat isa. Nagsisilbi itong bilang lakas at gabay upang malampasan ang mga hamon na kinakaharap at haharapin. Ang mga hamon ay nagbibigay ng mga pagkakataon na matuto at mag-isip upang mapagtagupayan ang mga hamon na kahaharapin. Kaya bilang tugon ang guro ay kinakailangan na magbaon ng mahabang pasensya, at sila ang unang magtataglay ng lakas ng loob upang malampasan ang mga hamon na kinakahaap sa pagtuturo. Karagdagan, ay matutunghayan sa Talahanayan kung anong tema ang nabuo mula sa pakikipag panayam ng mga partisipante sa pananaliksik ukol sa paano nila napagtagumpayan ang mga hamon na kaniang kinakaaharap sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya ngayong ika-21 siglo.

**Talahanayan 3**
**Pagharap o Pagkaya sa mga hamon sa Pagtuturo ng Flipino sa elementarya**

| **Mga Pangunahing Tema** | **Mga Sumusuportang Pahayag** |
|---|---|
| **Magkaroon ng Mahabang Pasensya** | • Ano lang siya Pasensya. Napagtagumpayan dahil sa mataas na pasensya at intindihin ang kanilang ibat ibang pag-uugali" *(IDI-01)*<br>• Pahabain lang natin ang ating mga pasensya sapagkat hindi talaga natin maiiwasan na may malilikot na mga studyante at ng sa ganoong paraan ay maiiwasan rin natin na magkaroon ng aberya ating pagtuturo"(*IDI-02)*<br>• Napagtagumpayan ko ang aking mga karanasan sa pagtuturo ng Filipino na dapat pahabain lang ang pasensya ng Guro sa ganoong paraan ay malabanan niya ang mga hamon sa pagtuturo sa Filipino" *(IDI-O4)*<br>• Napagtagumpayan ko ang mga hamon sa pagtuturo ng Filipino sa pamamagitan ng pagpapahaba ng aking pasensya, kay kun maikli pa ang aking pasensya ay hindi na ako nagtuturo ngayon kaya kahit na may estudyante na masakit sa ulo ay hahanap ako ng paraan na maturuan sila ng desiplina (FGD-05)<br>• Bilang isang guro ay dapat na may mahaba ka talagang pasensya kahit araw-araw iyon inuubos ng ating mga studyante, hahanap atyo ng mga paraan na tayo pa rin ang masusunod at hindi sila (FGD-07) |
| **Paggamit ng ibat-ibang Estratehiya para sa Pagtuturo** | • Ang mga paraan na ginagawa ko sa pagturo ng Filipino ay ang magpapakita ng mga bidyo at nga larawan na may kaugnayan sa aking nga tinuturo upang maunawaan ng mag-aaral *(IDI-03)*<br>• Ang mga estratehiya ko sa mga ganito at gagamit ako ng nga instructional materials, presentasyon, mga larawan para mas mapaganda ang daloy ng aking pagtuturo at mas makuha ko ang atensyon ng aking mga estudyante*"(IDI-04)*<br>• Gagamit ng mga larawan, mga instructional materials para mas mapaganda ang aking pagtuturo"(IDI-06*)*<br>• Para sa akin ay yung paggamit ng mga bagay na pwedeng ipakita sa mga bata, epektibo siya sapagkat may matutunan yung mga bata at pamamagitan ng pagpapakita ng mga larawan ay madali lang nila maiintindihan ang aming paksa*"( FGD-06)* |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| **Gawing Inspirasyon ang mga Bata para mas Mapahusay ang pagtuturo** | • Aking inspirasyon ay ang mga bata na aking tinuturuan, wala silang matutunan kung walang guro *(IDI-04)*<br>• Aking mga studyante at sa ganoong palad ay aking mga magulang, aking mga studyante sapagkat wala akong tuturuan kung wala sila sa paaralan at araw-araw pumapasok, aking mga magulang sapagkat wala ako rito sa aking kinaroroonan kung hindi dahil sa kanila*"(FGD-02*)<br>• Aking mga studyante, nagbibigay sila ng araw araw na rason kung bakit na mas tuturuan ko sila, hindi lang mga asal ngunit pati na rin mga paksa na kapupulutan nila ng mga pangaral (*FGD-06*) |
| **Magbigay ng mga premyo para sa Aktibong Pagtuturo** | • Para sila na mag partisipa ay magbibigay ako ng mga gantimpala, mga premyo gaya ng mga candy, ballpen at iba na hindi gaano kamahal ngunit makapukaw siya nang atensyon para mas makinig at mag partisipa ang mga bata*" (IDI-03)*<br>• Para mas aktiboo aking mga studyante at maakit sila na mag partisipa sa aking aktibidad ay magbibigay ako ng nga gantimpala at dagdag na puntos para sa kanilang marka*"(IDI-04*)<br>• Ang ginagawa ko para maging aktibo sila ay nagbibigay ako ng mga premyo ngunit hind isa lahat ng panahon tulad ng bolpen, tsokolate para mag partisipa sila*"(FGD-01*)<br>• Sa akin ay magbibigay ako ng mga star sa kanilang mga kamay o di kaya'y sa kanilang papel na nagtatanda na sila ay gumawa ng mahusay at sa ganoon paraan ay mas paghusayan pa nila sa susunod" *(FGD-05)* |

**Pangatlong Katanungan: Anong mga pananaw ang makukuha ng mga kalahok sa kanilang mga karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa ika-21 siglo?**

Ang mga pangunahing tema at ideya sa pananaliksik sa tanong bilang 3 ay ipinapakita sa Talahanayan 4. Ang mga kalahok ay may kaniya kaniyang mga tugon, mga suhestyon o di kaya'y pagbabhagi ng kanilang sariling opinion na maari nilang maibahagi sa kanilang kapwa mga guro na hindi lang nagtuturo ng Filipino. Mula sa mga nasagot ng mga kalahok ay apat (4) na tema ang lumitaw at nabuo: 1.) wag mawalan ng Pagasa sa pagtuturo, 2.) gawin ang papel bilang guro, 3.)ang pagtuturo ay kailangan ang pagmamahal at determinasyon. Matutunghayan sa Talahanayan 4 ang mga lumitaw na tema at mga naging pangunahing tema tungkol sa mga pananaw na nakukuha ng mga guro sa kanilang pagtuturo ng Filipino sa elementarya ngayong ika-21 siglo na maaring maibahagi nila sa kanilang kapwa guro na nagtuturo hindi lang sa asignaturang Fillipino ngunit maging sa ibang asignatura.

Ang mga tema na nabuo sa bahaging ito ay nakabatay sa mga pahayag na ibinahagi ng mga partisipante tungkol sa kani-kanilang pananaw hinggil sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya. Matutunghayan dito kung ano mga pananaw ng mga guro na nakuha nila sa pagtuturo ng Filipino ngayong ika-21 siglo. Ito ay nagbukas ng kaisipan hindi lang ng mga guro ngunit maging ang mga Kabataan, magulang at marami pang iba n sa kabila ng maraming pinagbago ngayon sa pagtuturo ay patloy pa rin silang nagsusumikap na gampanin ang kanilang papel bilang tagapagturo na nagsusumikap na mabigyan at mapatupad ang kalidad na edukasyon na dapat matutunan ng mga bata.

Karagdagan ay matutunghayan sa Talahanayan 4 ang mga pangunahing ideya at kaisipan na nakuha mula sa sumusuportang pahayag ng mga guro hinggil sa kanilang mga pananaw na nakuha mula sa kanilang karanasan sa pagtuturo.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 4**
**Mga Pananaw ng mga Kalahok sa Kanilang Karanasan sa Pagtuturo ng Filipino**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Sumusuportang Pahayag |
|---|---|
| **Hindi Mawalan ng Pag asa sa Pagtuturo** | • "Hindi dapat tayo mawawalan ng pag-asa, pinasok na natin itong propesyon kaya atin nalang na gawin ang ating papel sa ganoong paraan din ay alam din natin na magpahinga para hindi tayo gaano ma e stress"(IDI-02)<br>• "Hindi dapat tayo mawalan ng pag asa sa ating pagtuturo ng Filipino. Nakasalalay sa atin ang mga matutunan ng ating mga studyante. Kinakailangan nating magpatuloy para sa ating mga studyante"(IDI-03)<br>• Hindi dapat tayo mawalan ng pag asa sa pagtuturo, hindi dapat tayo magpakita ng mga motibo na tayo ang unang susuko kaysa ating mga estudyante. Nakasalalay sa atin ang dapat matutunan ng mga studyante kay magpatuloy lang tayo (IDI-04)<br>• ''Atin lang iisipin na walang mahirap kung mahal natin ang ating trabaho dail kung isipin na mahirap, mahirap talaga, mahirap dahil hindi lang isang asignatura ang ating hinahawakan, pero kung iisipin na madali lang ang pagturo, madali lang ito *(FGD-07)* |
| **Gawin ang Tungkulin bilang Guro** | • Marami ang nabago ngayong henerasyon tapos iba na na rin ang mga mag-aaral ngayon kaysa dating panahon. Sa makabagong paraan ng pagkatuto mas napadali ito dahil sa mga bagong labas na gamit dala ng teknolohiya at mas madali ang pagtuturo. Kailangan lang natin na gamitin ating papel para may matutunan ang mga bata*"(IDI-02)*<br>• "Ang masasabi ko ay walang bagay na mahirap kung isipin natin na ito ay madali lang gaya bg isang pagiging guro hindi siya madali sapagkat nangangailangan ito ng pasyon, dedekasyon, at mahaba na pasensya" (IDI-03)<br>• Gampanin ng isang guro na nagtuturo ng Filipino, tayo bilang guro ay ating gawin ang lahat sa kapakanan ng mga estudyante, papel natin na maturuan sila sa mga bagay na nakapaaloob sa kurikulum *(FGD-01)* |
| **Maging Determinado sa Pagtuturo** | • Gawin lang ang lahat, alam naman natin na walang madali pero kung mahalin lang natin ang ating ginagawa ay magiging madali ito. Batid kung hindi naging madali ang tinahak na propesyon ngunit kinakailangan na magpakatatag alang-alang sa mga matutunan ng mga bata." (IDI-02)<br>• Walang madali ngunit kapag pursigido ka na may matutunan ang iyong mga bata hindi talaga iyan mahirap. Alam naman na mahirap magturo sa elementarya dahil hindi lang isang asignatura ang hinahawakan kundi lima o higit pa"(IDI-05)<br>• Ang katangian na mayroon ng guro ay dapat may mataas na pasensya, may malasakit sa kanyang mga estudyante, may pasyon at dedikasyon sa kanyang pagtuturo ng asignaturang Filipino, kasi ang pagtuturo ay hindi ka lang nagpapakita ng mga materyal na ipapakita sa iyong estudyante bagkus ay ang pagtuturo ay kasama na kung paano mo hinahawakan ang iyong mga estudyante kung paano ka determinado na mayroon silang matutunan (FGD-01) |

## DISKUSYON

Ang bahaging ito ay naglalahad ng mga resulta ng pag-aaral, kabilang ang konklusyon, implikasyon sa kasanayan sa pagtuturo, at mga mungkahi para sa mga hinaharap na pananaliksik, na nakaayon sa mga natuklasan ng pagsusuri. Tinalakay ang bawat hanay ng datos at inilakip ang sintesis batay sa mga temang lumitaw mula sa pagsusuri. Nilalayon ng penomenolohikal na pag-aaral na ito na tuklasin ang karanasan ng mga guro sa elementarya sa pagtuturo ng Filipino sa ika-21 siglo, kasama ang mga hamon na kanilang hinarap, mga solusyon na kanilang ginamit, at kanilang pananaw tungkol sa modernong pagtuturo ng Filipino

**Mga Karanasan at hamon ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya sa ika-21 siglo.** Mula sa mga datos na nakuha, nagawang uriin ng mananaliksik ang apat (4) na mahahalagang tema naa naglalarawan sa mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya ngayong ika-21 siglo na hindi madali lalo na't kinikitaan ito ng mga balakid upang maihatid ng guro ang wastong pagtuturo sa Filipino sa mga bata. Ang mga nabuong tema ay nagpapakita ng mga karanasan at hamon na naranasan ng mga guro na nagtuturo ng Filipino sa elementarya ngayong ika-21 siglo.

Iba-iba ang ibinahaging mga karanasan ng mga guro hinggil sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya kinikitaan nila ito ng **kahirapan sa pagkuha at pagpapanatili ng atensyon ng mga bata** na halos lahat ng mga partisipante ay nagbigay ng kanilang sari-saring mga obserbasyon hinggil sa kanilang pagtuturo sa ika-21 siglo. May mga guro na nagsabi na nahihirapan sila na magturo dahil wala sa loob ng klase ang atensyon ng mga bata, ang iba'y nagsabi na hindi nakikinig, may nagsabi na maliit lamang ang learning span ng mga estudyante at kinakailangan na gagamit ng ibat-ibang pamukaw na gawain upang makinig ang mga estudyante.

Sa pag-aaral nina George et, al. (2017) ang kahirapan sa pagkuha at pagpapanatili ng atensyon ng mga bata ay isang malaking hamon para sa mga guro. Maraming salik ang maaaring magdulot nito, kabilang ang maikling atensyon ng mga bata, distraksyon mula sa kapaligiran, at kawalan ng interes sa paksa. Ang kakayahan ng mga guro na mag-koordina sa silid-aralan at kontrolin ang mga aksyon ng mga estudyante ay mahalaga para makamit ang positibong resulta. Ang pagpapataas ng pamamahala sa silid-aralan at mga kaugnay na praktika ay nauugnay sa mga kinalabasan ng estudyante.

Ayon kina Barberos et al. (2019), malaki ang impluwensya ng kakayahan ng guro sa pagtuturo sa paglahok ng mga mag-aaral. Ang mahusay na pamamaraan ng pagtuturo ay nagpapataas ng interes ng mag-aaral, na nagiging sanhi ng kanilang aktibong paglahok sa talakayan. Layunin ng guro na hikayatin ang mga mag-aaral na matuto sa kanilang sariling paraan, habang ipinapakita ang sapat na kaalaman at kakayahan upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat mag-aaral at mapanatili ang kanilang interes sa aralin

Isa makabuluhang tema ukol sa karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya ay ang **paglalaan ng madaming oras sa pagsasalin ng salita sa ibang wika.** Isa rin sa mga naging balakid ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino ay ang paglalaan ng dagdag na oras para sa pagsalin ng mga salita na hindi maintindihan ng mga bata sa Filipino. Sa ibinahaging pahayag ng mga guro marami ang nagsabi na isa sa mga naging karanasan nila sa pagtuturo ng Filipino ay hindi maiiwasan na maglaan ng oras sa pagsasalin ng mga salita upang maiintindihan ang wika, may nagsabi rin na ginagamitan pa nila ng mga angkop na estratehiya upang madaling mauunwaan ng bata.

Sa pag-aaral ni Brown (2010), ang mga guro ay madalas na naglalaan ng karagdagang oras upang tiyakin na ang mga mag-aaral ay nauunawaan nang lubos ang kahulugan ng mga salita sa parehong kanilang unang wika at Ingles. Bukod dito, ang mga guro'y naglalaan ng oras para sa mga diskusyon at mga pagsasanay na nagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa bokabularyo. Ang mga ganitong uri ng mga pagtutok ay mahalaga lalo na sa mga mag-aaral na ang unang wika ay hindi Ingles, dahil nakatulong ito sa kanila na makasabay sa kanilang kaklase. Sa kabila ng karagdagang oras at pagsisikap na ito, ipinapakita ng mga guro ang kanilang dedikasyon sa pagtuturo at sa pagtiyak na lahat ng mag-aaral ay magkaroon ng pantay na pagkakataon na matuto.

Dagdag pa, para kay Ho (2014), ang kahirapan sa paglalaan ng maraming oras sa pagsasalin, lalo na para sa mga guro, ay isang isyung kinakaharap ng maraming edukador. Ang mga guro ay mayroong maraming responsibilidad tulad ng paghahanda ng leksyon, pagtuturo, pagsusuri ng mga gawa ng estudyante, at iba pa, na nagiging hadlang upang makapaglaan sila ng sapat na oras sa paglalapat ng mga panumbas ng mga malalim na salita mula sa Filipino. Ang kawalan ng sapat na kasanayan sa paggamit ng wika o midyum ng pagtuturo ay maaaring makahadlang sa maayos na pagbabahagi ng kaalaman o impormasyon sa mga mag-aaral. Ang epektibong komunikasyon ng guro ay mahalagang nakatuon sa pagpapahusay ng pagkatuto sa lahat ng asignatura. Higit pa sa simpleng pagbigkas, intonasyon, o artikulasyon, kailangang bigyang-diin ng guro ang konteksto at layunin ng kanyang pagtuturo upang mas maging malinaw at makabuluhan ito para sa mga mag-aaral.

Natuklasan rin sa pag-aaral na kadalasan sa mga partisipante ay **nakaramdam sila ng ibat-ibang emosyon** sa kanilang pagtuturo. Isa sa kanilang mga naging karanasan ay ang pagkaramdam ng ibat-ibang emosyon sa pagtuturo ng Filipino sa ika-21 siglo na hindi madali lalo na kapag nakakabahala ang mga ugali ng mga batang nasa ika-21 siglo may mga nagsabi na sila ay nasisiyahan sa kadahilanang nakapagbigay sila ng kaalaman sa kanilang mga estudyante at ganoon ay masakit dahil ang bata ay wala na sa lugar ang kanilang mga pag-uugali, may mga nagsabi na hindi dapat pinapakita na maging emosyonal sa harap nak lase at ang iba nama'y kinakailangan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

lamang na maging normal o ipakita na maging normal lang sa pagtuturo.

Sa pananaliksik nina Frenzel et. al, (2009), ang positibong emosyon ng guro ay nagiging inspirasyon para sa mga estudyante, na nagreresulta sa mas maganda at masiglang kapaligiran sa pag-aaral. Sa kabilang banda, ang negatibong emosyon tulad ng stress o pagkabahala ay maaari ring maipasa sa mga estudyante, na nagdudulot ng pagbaba ng kanilang interes at pagganap. Ang mga estudyanteng nakakaranas ng ganitong uri ng kapaligiran ay mas malamang na magpakita ng mataas na antas ng tiwala sa sarili at pananagutan sa kanilang pag-aaral. Sa kabaligtaran, kapag ang mga guro ay nakararanas ng stress o pagkabahala, maaari itong magdulot ng pagkakabawas sa kanilang pagiging epektibo sa pagtuturo na maaaring magresulta sa kawalan ng koneksyon sa mga estudyante. Ang emosyonal na pagkabalisa ng guro ay maaaring magdala ng tensyon sa silid-aralan, na nakakapigil sa pagkatuto at pag-unlad ng mga estudyante. Dahil dito, mahalaga ang pag-alaga sa emosyonal na kalusugan ng mga guro upang matiyak ang isang positibo at produktibong karanasan sa edukasyon para sa lahat ng nasa silid-aralan.

Bukod pa dito, ayon sa pag-aaral ni Hargreaves (2000), ang mga guro sa elementarya ay madalas na nahaharap sa isang malawak na hanay ng emosyon habang nagtuturo, mula sa kasiyahan at pag-asa hanggang sa stress at pagkabahala. Ang kanilang kakayahang magpakita ng positibong emosyon ay nagiging mahalaga, lalo na sa mga kabataang estudyante na malapit sa kanilang emosyonal na pag-unlad. Halimbawa, ang kasiyahan at pagkamapaghari ay maaaring magbigay inspirasyon sa mga mag-aaral at magdulot ng masiglang kapaligiran sa pagkatuto. Sa kabaligtaran, ang emosyonal na pagkapagod o pagkabahala ng guro ay maaaring magdulot ng negatibong kapaligiran na nagiging sanhi ng hindi pagganap ng mga estudyante.

Sa ibinahaging mga panayam ng mga partisipante ay lumitaw rin sa pag-aaral ang temang **kakulangan sa kahandaan sa pagtuturo** halos sila ay magkapareho ng sagot na naging balakid sa kanilang pagtuturo ang kakulangan sa kahandaan sa kadahilanang hindi lamang sila humahawak ng isang asignatura naroroong kadalasan sa kanila ay humahawak ng lima (5) hanggang sa pito (7) na asignatura sa elementarya, naging balakid rin sa kanila ang kakulangan sa kahandaan sa mga estratehiyang pampasigla para sa mga bata upang kunin ang kanilang interes sa leksyon.

Sa isang pag-aaral, tinalakay ni Santos (2021) na ang pagkakaroon ng maraming hinahawakang asignatura ay nagiging sanhi ng kakulangan sa kahandaan ng mga guro sa pagtuturo. Dahil sa dami ng mga asignaturang kailangang ihanda at ituro, limitado ang oras ng mga guro para makapaghanda nang maayos sa bawat isa. Nagiging hamon ito lalo na sa mga guro na hindi eksperto o bihasa sa lahat ng kanilang tinuturo. Ang kakulangan sa kahandaan ay nagreresulta sa mababang kalidad ng pagtuturo, na maaaring makaapekto sa pagkatuto ng mga estudyante. Ayon kay Santos, mahalaga ang pagkakaroon ng sapat na oras at suporta para sa mga guro upang mapabuti ang kanilang kahandaan sa pagtuturo at mapanatili ang kalidad ng edukasyon.

Sa pag-aaral nina De Guzman at Abagon, (2020), ang pagiging may-kasanayan ng isang guro sa pagtuturo ay isang kritikal na elemento upang matiyak ang positibong karanasan sa pagkatuto ng kanyang mga mag-aaral, lalo na sa kabila ng dami ng mga iba't ibang asignatura na kanyang hinahawakan sa antas ng elementarya. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kahusayan sa pagtuturo, ang guro ay nakakatulong sa pagbuo ng malalim na pang-unawa at interes ng mga mag-aaral sa mga paksa, pati na rin sa kanilang paglinang ng mga kasanayan at kakayahan. Sa pamamagitan ng maayos na pagtuturo, ang guro ay nagiging instrumento ng inspirasyon at pag-unlad para sa kanyang mga mag-aaral, na humahantong sa masiglang karanasan sa pag-aaral at pag-unlad ng kanilang potensyal sa kabila ng hamon ng pag-aaral ng iba't ibang asignatura.

**Paglampas O Pagkaya ng mga Guro ang mga Hamon sa Kinakaharap sa Pagtuturo ng Filipino sa Elementarya sa Ika-21 Siglo.** Mula sa mga datos na nakuha, nagawang uriin ng mananaliksik ang apat (4) na mahahalagang tema na naglalarawan na kung paano nakaya o hinarap ang mga hamon ng mga sa pagtuturo ng Filipino sa ika-21 siglo. Ang mga nabuong tema ay nagsilbing sandigan at tumulong para malampasan ang mga hamon na kanilang kinakaharap.

Sa ibinahagi ng mga partisipante ukol sa kung paano nila napagtagmpayan ang mga hamon sa pagtuturo sa elementarya sa ika-21 siglo ay ang **pagkakaroon ng mahabang pasensya.** Mahabang pasensya para sa pagtuturo ng mga bata, mahabang pasensya para sa kanilang ibat ibang pag-uugali. Maraming guro ang nagsabi na kinakailangan na magtaglay ng isang mahaba-habnag pasensya sa araw-araw na pagtuturo sapagkat walang ibang gagawa nito kundi ang mga guro lamang.

Ayon kina Herrera at Miranda (2021), ang mahabang pasensya ng guro ay isang mahalagang susi sa tagumpay sa pagtuturo. Ito ay nakakatulong sa pagbawas ng tensyon sa silid-aralan, pagpapalakas ng tiwala ng mag-aaral, at paghihikayat sa kanila na maging aktibo sa talakayan. Ang pasensya ng guro ay may malaking epekto hindi lamang sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral kundi pati na rin sa kanilang emosyonal na pag-unlad

Ayon kay Meric (2023), sa kanilang propesyon, nakikipag-ugnayan ang mga guro sa lahat ng mga sangkot sa edukasyon. Sa ganitong konteksto, maaaring harapin ng mga guro ang mga negatibong sitwasyon sa pakikipagtalastasan nila sa kanilang mga mag-aaral, kasamahan o mga magulang. Mahalaga ang pagharap sa mga mahirap na sitwasyong ito nang may pasensya at pagtitiis. Dahil ang edukasyon ay isang pangmatagalang gawain, ipinapakita ng mga inaasahang bunga ng edukasyon ang kanilang epekto sa pangmatagalang panahon. Dahil dito,

kailangan ng mahabang panahon upang makamit ang tagumpay at makuha ang inaasahang mga produkto sa larangan ng propesyon. Kaya mahalaga para sa mga guro na maging mapagpasensya at itaguyod ang kanilang propesyon na may kamalayan sa ganitong katotohanan upang maging matagumpay.

Isa rin sa natuklasan sa pag-aaral kung paano nakaya ang mga hamon na kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino elementarya sa ika-21 siglo ay ang **paggamit ng ibat-ibang estratehiya para sa pagtuturo** ito ang nagsilbing kasangga ng guro sa kanyang araw-araw na pagtuturo. Ang paggamit ng mga kagamitang panturo ay mahalaga upang mapadali ang pagkatuto ng mga estudyante. Sa mga pahayag na ibinahagi ng mga partisipante ay gumagamit sila ng ibat-ibang estratehiya upang madalig matuto ang mga bata lalo na ang pagpapakita ng mga larawan upang madaling mauunawaan ng mga bata ang paksa.

Ayon kay Daza (2021), ang guro ay isang mahalagang instrumento sa pagkatuto ng mag-aaral, na tumutulong sa pagpapataas ng kanilang kaalaman sa asignatura. Ang guro, bilang tagapagturo, ay nagbibigay ng direksyon at inspirasyon upang maging masigasig ang mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Sa pamamagitan ng kanyang kaalaman, kasanayan, at mga estratehiya, tinutulungan ng guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng mas malalim na pag-unawa at gabay sa pagharap sa mga hamon sa kanilang pag-aaral.

Ayon kay Lopez (2021), mahalaga para sa guro na magkaroon ng mabisang estratehiya upang mapanatili ang pagmamahal at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kanilang sariling wika. Ang paggamit ng makabagong pamamaraan tulad ng lokal na kwento, tula, at awit ay nagpapasigla sa pag-aaral. Ang paglikha ng interaktibong gawain at mga proyekto na nagmumungkahi ng kahalagahan ng wika sa pang-araw-araw na buhay ay nagbibigay ng mas malalim na pag-unawa. Gayundin, ang mga aktibidad pangkultura tulad ng mga paligsahan sa pagsulat at pagsalita ay tumutulong sa pagpapalakas ng koneksyon ng mga mag-aaral sa kanilang wika.

Binigyang diin rin sa pag-aaral kung paano nakaya ng mga guro ang pagtuturo ng Filipino sa elementarya sa ika-21 siglo at lumitaw ang tema na **maging inspirasyon ang mga bata para mas mapahusay pa ang pagtuturo** likas na sa mga guro na humanap ng mga mapagkukunan ng lakas o inspirasyon upang makaya at patuloy na magturo sa araw-araw. Ang mga partisipante ay naghayag kung ano ang kanilang pinagkukunan ng inspirasyon para sa kanilang pagtuturo may mga nagsabi na sila ay kumuha ng lakas mula sa kanilang pamilya dahil sila ang nagsilbing daan upang marating nila kung nasaan man sila sa kanilang kinalalagyan sa kasalukuyan, ang iba ay sa kanilang mga bata o estudyante sila kumukuha ng lakas upag mas pag-igihan pa ang pagtuturo.

Sa pag-aaral na isinagawa ni Boru (2018), ay natuklasan ang dalawang tema una ay ang *internal motivation resources* ito ay mga salik na nagmumula sa loob ng indibidwal at nagbibigay inspirasyon upang magpatuloy sa kanilang propesyon. Ang tagumpay sa pagtuturo at ang pagkakaroon ng positibong personal na katangian, tulad ng determinasyon at dedikasyon, ay nagdudulot ng kasiyahan at katuparan sa kanilang trabaho. Sa kabilang banda, ang *external motivation resources* ay mga panlabas na salik na nag-aambag sa kanilang kasiglahan sa pagtuturo. Ang suporta mula sa mga mag-aaral, ang mga patakarang pang-edukasyon ng bansa, at ang tulong mula sa punong-guro at mga katrabaho ay nagbibigay ng karagdagang lakas at inspirasyon upang magpatuloy at mapabuti ang kanilang mga gampanin bilang guro.

Ayon kina Katz at Shahar (2015), ang motibasyon ng guro ay may mahalagang papel sa pagtuturo at pag-unlad ng mga mag-aaral. Una, ang interes at kasiyahan ng guro sa kanyang pagtuturo ay nagdudulot ng mas mataas na interes mula sa mga mag-aaral. Pangalawa, naniniwala ang guro na ang kanyang motibasyon ay nakakaapekto sa tagumpay ng pagkatuto, kaya't nagsusumikap siyang palakasin ito gamit ang iba't ibang pamamaraan. Pangatlo, ang motibasyon ng guro ay nagbubunga ng isang learning style na nakatuon sa pagpapalago ng awtonomiya ng mga mag-aaral. Sa kabuuan, ang motibasyon ng guro ang pangunahing susi sa epektibong pagtuturo at matagumpay na pagkatuto ng mga mag-aaral

Karamihan sa mga partisipante ay naging daan nila ang **pagbibigay ng premyo para sa aktibong pagtuturo.** Ipinahayag ng mga partisipante na napakalaki ng impluwensya ng kanilang pagtuturo ang pagbibigay ng premyo o gantimpala sa kani-kanilang mga estudyante. Ayon sa kanila para maging aktibo ang partisipasyon ng kanilang mga estudyante kapag magbibigay sila ng mga premyo at makuha ang kanilang atensyon sa buong klase sa kadahilanang may mga kalakip na premyo na ibibigay ang guro sa kanila.

Sa pahayag na ibinahagi na "*The use of rewards within the classroom are a form of extrinsic motivation for students, encouraging them to partcipate coope ratively in academic and social learning experiences"* nina Hofman et, al, (2009) Ang ganitong sistema ng paggawad ng gantimpala ay maaaring magtulak sa mga mag-aaral na magsikap upang makamit ang kanilang mga layunin at umunlad sa kanilang pag-aaral. Bukod dito, ang mga gantimpala ay maaaring magtaguyod ng positibong pag-uugali at paggalang sa loob ng klase, na nagbibigay-daan sa isang mas maayos at produktibong kapaligiran sa pag-aaral.

Karagdagan rin ang pahayag na ibinahagi nina Mansor et. al, (2012) "*However, it is important to recognize that these rewards systems should be consistent and fair, providing students with motivation and encouragement*" dapat tiyakin ng mga guro na ang mga pamantayan para sa pagbibigay ng gantimpala ay malinaw at naiintindihan ng lahat, upang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

maiwasan ang anumang pagdududa o pagkabigo. Sa ganitong paraan, masisiguro na ang lahat ng mag-aaral ay may pantay na pagkakataon na makamit ang mga gantimpala at maranasan ang positibong epekto nito sa kanilang pag-aaral.

**Mga pananaw na nakuha ng mga kalahok sa kanilang karanasan sa pagtuturo ng Filipino.** Matapos kunin at pag-aralan ang mga datos na nakalap mul sa mga kalahok, lumantad na ang mga guro ay may iba't ibang pananaw sa kanilang pagtuturo sa elementarya ng Filipino ngayong ika-21 siglo. Mula sa mga sagot ng mga kalahok, tatlong pangunahing tema ang lumitaw: wag mawalan ng pag-asa sa pagtuturo, gawin ang papel bilang guro, at ang pagtuturo ay nangangailangan ng pagmamahal at determinasyon.

Ang unang tema ng pag-aaral na naglantad sa mga pananaw na nakuha ng mga guro sa kanilang mga karanasan sa pagtuturo ng Filipino sa elementarya sa ika-21 siglo ay ang **huwag mawalan ng pag-asa sa pagtuturo** sa ipinahayag ng mga partisipante ay kinakailangan talaga na patatagin ang loob sa pagtuturo, ayon sa kanila na bilang guro ay hindi dapat na mawalan ng pag-asa sa pagtuturo lalong lalo na sila ang mas nakapagbibigay ng mas malawak at makabuluhang kasanayan na siyang makakatulong sa kani-kanilang mga estduyante na mas mapalawak pa ang kalaman pagdating sa wikang Filipino.

Kaugnay sa pag-aaral nito ayon nina Birmingham et. al, (2011), ang pag-asa ay isang mahalagang birtud at motibasyon para sa mga guro sa bawat sitwasyon at konteksto ng pagtuturo, sapagkat ang pag-asa ay bumabalot sa bawat aspeto ng karanasan sa pagtuturo. Ang mga moral na katangian na dala ng mga guro sa silid-aralan ay humuhubog sa kanilang mga desisyon, nagdidirekta ng kanilang pamamaraan, at gumagabay sa kultura ng pamayanan ng pagkatuto. Sa pamamagitan ng pag-asa, nagkakaroon ng lakas ang mga guro na harapin ang mga hamon at patuloy na magbigay inspirasyon sa kanilang mga estudyante.

Karagdagan rin ang pag-aaral na isinagawa ni Eva (2022), ang pag-asa ay isang pangako na maniwala sa iyong kakayahan na makita ang iyong landas pasulong, at ito ay isang kasanayan na maaari mong paunlarin sa paglipas ng panahon, sa pamamagitan ng pag-aalaga at atensyon. Bilang isang guro, mahalaga na huwag mawalan ng pag-asa, lalo na sa harap ng mga hamon at pagsubok. Ang bawat araw ay isang pagkakataon upang magturo, magbahagi ng kaalaman, at magbigay ng inspirasyon sa mga mag-aaral. Sa kabila ng mga pagsubok na dumarating, ang iyong determinasyon at dedikasyon sa edukasyon ay nagiging gabay para sa mga kabataan.

Ang ikalawang tema nabuo galing sa mga sagot ng mga partisipante hinggil sa kanilang pananaw sa pagtuturo sa elementaryaya ay ang **gawin ang papel bilang guro** ipinahayag nila na dapat gampanin nila ang kanilang mga papel bilang mga guro upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga estudyante hinggil sa kaalaman at karunungan. Para sa kanila na bilang guro ay papel nila na punan ang mga kaalaman at at gampanin nila na turuan at dagdagan ang mga kaalaman ng mga bata.

Ang mga magulang ay may malaking pangarap na mapagtapos ang kanilang mga anak sa pag-aaral dahil naniniwala silang mas malawak ang oportunidad na naghihintay sa mga nakapagtapos. Dito pumapasok ang mahalagang papel ng guro, na hindi lamang tagapagbigay ng kaalaman kundi tagapaghubog din ng mga kasanayan at pag-uugali ng mga mag-aaral. Ang guro ang nagsisilbing gabay at inspirasyon upang makamit ng mga bata ang kanilang mga pangarap. Sa pamamagitan ng kanilang pagtuturo, ang mga guro ay nagiging instrumento sa pagbibigay ng mas maliwanag na kinabukasan para sa mga kabataan.

Ang pagtuturo ay pangunahing tungkulin ng guro, na siyang nagsisilbing gabay sa akademikong pag-unlad at personal na paghubog ng mga mag-aaral. Sa konteksto ng pagtuturo sa elementarya, ang guro ay may mahalagang papel sa paghubog ng mga batayang kaalaman at kasanayan ng mga bata, tulad ng pagbasa, pagsulat, at matematika. Bukod dito, sila rin ang nag-aakay sa mga bata sa pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pakikipag-ugnayan at pagbuo ng mga tamang asal (Darling-Hammond, 2000).

Ang huling temang nabuo ng mananaliksik hinggil sa mga pananaw na nakuha ng mga partisipante mula sa kanilang pagtuturo sa ng Filipino sa elementarya sa ika-21 siglo ay **maging determinado sa pagtuturo** .Sa kanilang mga naging pahayag na ibinahagi ay ayon sa kanila na gawin lang ang lahat dahil alam naman nil ana ang pagtuturo ay nangangailangan ng determinasyon na kung saan ay ang iang guro ay determinado na magturo upang may matutunan ang kanyang mga estudyante.

Ayon sa pag-aaral ni Maninang (2023) ang pagtuturo, lalo na sa elementarya, ay nangangailangan ng pusong handang umunawa at magpatawad, pati na rin ng sipag at tiyaga sa paghubog ng kaisipan ng mga bata. Sa araw-araw na pakikisalamuha sa kanilang mga mag-aaral, ipinapakita ng mga guro ang kanilang walang sawang suporta at gabay upang matulungan ang bawat bata na maabot ang kanilang potensyal. Ang ganitong uri ng dedikasyon ay hindi lamang nagpapalawak ng kaalaman ng mga mag-aaral kundi naglalagay din ng pundasyon para sa kanilang magandang kinabukasan.

Dagdag pa ni Maninang (2023), sa sistematikong edukasyon ng Pilipinas, ang mga guro ay nagsisilbing haligi na nagpapalakas at nagpapabukas ng mga pintuan ng kaalaman para sa mga kabataan. Ang kanilang pagmamahal at dedikasyon sa pagtuturo, lalo na sa elementarya, ay nagbibigay inspirasyon sa mga mag-aaral na magpatuloy sa pag-aaral kahit sa harap ng mga hamon. Ang mga guro, na kilala rin bilang "Guro" o "Titser," ay naglalagay ng puso sa kanilang pagtuturo, binubuhos ang kanilang oras at lakas upang tiyakin na bawat bata ay natututo at lumalago. Ang determinasyon ng mga guro

sa paghuhubog ng kaalaman at mga halaga ay nagpapakita ng kanilang mahalagang papel sa pagbuo ng isang matatag at maunlad na lipunan.

**Implikasyon sa Pagtuturo**

Ang pagtuturo ng mga guro ng Filipino sa elementarya ay may malaking kontribusyon sa edukasyon, sa kabila ng mga personal nilang karanasan. Ipinakita ng mga natuklasan ng pag-aaral ang mga buhay na karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino sa ika-21 siglo. Gamit ang mga datos, maaaring talakayin ang mga implikasyon upang matugunan ang mga suliranin ng mga guro sa kanilang pagtuturo, na magsisilbing basehan para sa mga programa sa pagsasanay ng guro.

Ang resulta ng kwalitatibong pananaliksik na ito ay nakapokus sa karanasan, sa kung paano nila hinarap at nalampasan ang mga hamon, at kanilang mga pananaw hinggil sa kanilang pagtuturo ng Filipino sa elementarya sa ika-21 siglo. Batay sa resulta, ang mga guro ay nahirapan sa pagkuha at pagpapanatili ng atensyon sa mga bata, nakaramdam ng iba-ibang emosyon, paglalaan ng madaming oras sa pagsasalin ng salita sa ibang wika, at paggamit ng iba't-ibang paraan sa pagtuturo sa mga bata na nasa elementarya.

Ang mga ibinahaging karanasan ng mga guro sa pagtuturo sa elementarya ay magsisilbing inspirasyon at motibasyon sa ibang mga guro kung paano harapin ang mga hamon pagdating sa pagtuturo. Magsisilbi itong daan upang matulungan sila at mapagtanto na hindi sila nag-iisa sapagkat marami pang mga guro ang nakaranas ng kagaya sa kanilang nararanasan at ang kanilang kahirapan sa pagtuturo ay ma solusyonan. Batay sa resulta, nagpahayag ang mga guro na wag mawalan ng pag-asa sa pagtuturo na sa kabila ng kanilang nararanasan at kahirapan sa pagkuha at pagpapanatili sa atensyon ng kani-kanilang mga estudyante ay nariyan ang pagpapanatili at pagpapaanatag ng kanilang kalooban na patuloy na magtuturo sa mga bata ng Filipino.

Sa kabilang banda, mahalaga rin ang pag-aaral na ito sa mga mag-aaral na kumukuha ng kursong edukasyon dahil magbubukas ito sa kanilang kaisipan patungkol sa mga hakbang sa kung ano ang dapat taglayin ng isang guro sa kanyang pagtuturo . Batay sa resulta na ang pagtuturo ay nangangailangan ng pagmamahal at determinasyon. Pagmamahal sa paraang pinapahalagahan niya ang kaniyang mga estduyante na may matutunan sa araw-araw sa kabila ng mga ugaling pinapakita at determinasyon na manatiling determinado sa pagtuturo ng mga estudyante ng wikang Filipino sa kabila ng mga pagbabago sa ika-21 siglo.

Karagdagan, ang pag-aaral na ito ay nagsilbing batayan kung saan maaring gumawa, matugunan at magpatupad ng mga alintuntunin ang mga institusyong mas mataas na katawan sa publikong sektor ng edukasyon tulad ng *Department of Education (DepEd)* upang suportaan, tugunan ang mga pangangailangan ng mga guro. Batay sa mekanismo ng pagharap at mungkahi naa ibinigay ng mga kalahok sa pag-aaral maaring tukuyin ng *Department of Education (DepEd)* ang mga lugar para tugunan ang mga pangangailangan ng guro gaya ng mga kagamitan sa pagtuturo na hindi makaya na tustusan at ang mga lugar para sa pagpapabuti na may kaugnayan sa pagtuturo ng Filipino.

**Rekomendasyon sa Susunod na Pananaliksik**

Saklaw sa pag-aaral na ito ang mga guro na nagtuturo ng Filipino sa elementarya saika-21 siglo. Ang resulta ng pananaliksik na may pamagat na " Paggalugad sa Karanasan ng mga Guro sa Pagsasakatuparan ng Pagtuturo sa elementarya sa ika-21 siglo: isang penomenolohikal na pag-aaral" ay nakabatay lamang sa kasagutan ng labing apat na guro mula sa publikong elementarya ng Igangon, Davao del Norte na kung saan sila ay nagpahayag ng kanilang mga karanasan hinggil sa kanilang mga nararanasan sa pagtuturo ng Filipino sa elemntarya sa ika-21 siglo.

Ang implikasyon sa pag-aaral na ito ay nagmumungkahi para sa karadagang pag-aaral gaya ng epekto sa likod ng mga natamo ng mga guro bago sila nakapagturo sa elementarya, mga kwento ng mga mag-aaral na nahihirapan sa pagkatuto ng wikang Filipino at marami pang iba na may kaugnayan sa pagkatuto ng Filipino. Sa pamamagitan ng pag-aaral na ito ay magsisilbing tulay upang mabuksan pa ang mga nakatagong kwento ng mga guro sa kahit anong aspeto ng kanilng buhay.

Makatutulong ang pag-aaral na ito sa iba pang mananaliksik bilang gabay at karagdagang impormasyon para sa kanilang mga pagsasaliksik. Nawa'y matutunan nilang makita ang karanasan ng mga guro at mag-aaral sa likod ng mga hamon sa pagtuturo ng Filipino, at magsaliksik pa nang higit upang mas mapabuti ang edukasyon sa wika.

**Pangwakas na Pahayag**

Sa pagtaguyod ng pag-aaral na ito ukol sa "Paggalugad sa karanasan ng mga guro sa pagsasakatparan ng pagtuturo sa Filipino sa elementarya sa ika-21 siglo: Isang Penomenolohikal na Pag-aaral" ay may maraming mahahalagang matutunan. Itinampok ng pag-aaral ang kahalagahan sa kasanayan ng mga guro sa pag-aaruga ng mga bata sa kabila ng mga ugali nito itinampok din sa pananaliksik ang kahalagahan at kasanayan ng pagtuturo na makapagbahagi sa mga estudyante nila ng kalidad na edukasyon. Bukod pa'y binibigyang diin rin sa pag-aaral ang mga estratehiya na ginamit ng guro upang mas mapadali at mapahusay pa ang pagtuturo. karagdagan ay binibigyang diin rin sa pananaliksik ang paggamit ng mga platporma ng komunikasyon, pagsunod ng pormat ng institusyon, at pagkakaroon ng manwal na pananaliksik at mga mapgkukunan sa online upang matiyak ang kalidad na pagkakahanay ng gawaing pananaliksik. Ang mga araling ito ay nakakatulong upang magbigay ng mamalim na pag-unawa sa mga proseso at karanasan ng mgaguro sa knailang pagtuturo sa elementarya ng Filipino sa ika-21 siglo at mababtid din dito ang kahalagahan sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kanilang patuloy na pagpapabuti ngkanilang kasanayn at kaalaman sa buong karera ng kanilang pagtuturo.

Ang pagbuo ng pananaliksik na ito ay isang kanais-nais at nagpapayamang karanasan ang maibahagi. Ang pagkakataong suriin ang karanasan ng mga guro sa kanilang pagtuturo ng Filipino sa mga bata sa elementarya sa ika-21 siglo ay nakapagbigay ng iba' ibang pananaw. Ang pakikipag-ugnayan sa mga kalahok sa mga kalahok at paggalugad sa kanilang mga karanasan, mga mekanismo sa pagharap ng mga hamon at sa kanilang mga pananaw ay nakpagdagdag sa kaalaman sa kahirapan at paging kumplikado ng proseso sa pag-aaral na ito.

Sa kabila ng paghihirap ang mananaliksik ay nanatiling nakatuon upang ipagpatuloy ang pag-aaral. Nagsagawa ang mananaliksik ng masigasig na trabaho upang mangolekta at mag-analisa ng mga datos, ipinakita at itinalakay niya ang mga resulta nang may matinding pag-iingat. Nagpakita ito ng kaniyang dedikasyon at katatagan sa pag-ambag sa larangan ng akademiko. Ang mga hamon na nakatagpo sa panahon ng proseso ng pananaliksik ay nagsilbing mga pagkakataon para sa paglago na nagpapatibay sa determinasyon ng mananaliksik na makamit ang mga layunin ng pag-aaral.

Higit sa makabuluhan na natuklasan ng mananaliksik na ang buong akademikong paglalakbay ay isang kasiya-siyang paglalakbay. Ang buong pakikipagsapalaran na ito ay nagbigay sa kaniya ng isang mahusay na pagkakataon para silipin ang mundo ng pagtuturo sa elementarya. Nakatulong ito sa kaniya na palawakin pa ang kaniyang pananaliksik at nakuha niya ang pagkakaroon ng mahabang pasensya, pagpupursige, sipag, katapangan, at bukod pa sa iba pang mga gabay.

Sa kabuoan, ang taimtim na diskarte ng mananaliksik at hindi natitinag na determinasyon ay nagresulta sa isang komprehensibong paggalugad sa karanasan ng mga guro sa elementary ana nagtuturo ng Filipino. Ang pagkumpleto ng pag-aaral na ito ay hindi lamang nagbibigay ng mahahalagang pananaw sa mga guro ngunit maging sa mga susunod na mga guro, mga kumukuha ng kursong edukasyon at mga mag-aaral. Nagsisilbi itong testament sa kanilang katatagan at tinitiyak na ang mga natuklasa ay makapagbigay-alam sa hinaharap na mananaliksik at mga pagpapabuting mga guro sa kanilang propesyon.

## TALASANGGUNIAN

1. *Adorador, S. (2020). [OPINION] Are students actually learning during this pandemic? Rappler.*
2. *Armea, Aires P.; Castro, Marvin P.; Llamado, Mylyn N.; Lotino, Renie B.; San Esteban, Arvin A.; Ocampo, Darrel M. (2022) English Proficiency and Literary Competence of English Major Students: Predictor for Effective Language and Literature Teaching. Globus Journal of Progressive Education Vol.12. 1, 141-151*
3. *Bacus, R. C., & Alda, R. C. (2022). Senior High School Teaching: A Phenomenological Inquiry. Malaysian Journal of Learning and Instruction, 19, No. 1 (January) 2022, pp: 242-276..*
4. *Baggio, Fabio, and Maruja M.B. Asis. "Challenges of Teaching Filipino in the Cordillera Administrative Region." Philippine Studies: Historical and Ethnographic View of the Philippines, the Region and the World, vol. 69, no. 1, 2021, pp. 143-168.*
5. *Barberos M., Gazaro A. & Padayogdog E. (2019). The Effect of the Teacher's Teaching Style on Students' Motivation.*
6. *Bautista, C. (2021). Katangian at personalidad ng isang magaling at epektibong guro.*
7. *Belonta, R. (2020). "Innovative Teaching Strategies for Filipino Classrooms" in C. Cruz (Ed.), Education in the Digital Age: Opportunities and Challenges (pp. 123-140).*
8. *Birminham, C., Applegate, K., Como, J., Cuneo, A., (2011). Hope in Teaching and Teaching in Hope. In Pursuit of Truth | A Journal of Christian Scholarship.*
9. *Börü, N. (2018). The factors affecting teacher-motivation. International Journal of Instruction, 11(4), 761-776.*
10. *Boyatzis, R. E. (1998). The importance of reflexivity in qualitative research. In N. K. Denzin & Y. S. Lincoln (Eds.), Handbook of qualitative research (pp. 27-48). Sage Publications Ltd.*
11. *Boyce, C., & Neale, P. (2006). Conducting In-Depth Interviews: A Guide for Designing and Conducting In-Depth Interviews for Evaluation Input. Pathfinder International Tool Series, Monitoring and Evaluation-2.*
12. *Bricki, N., & Green, J. (2007). A Guide to Using Qualitative Research Methodology. Médecins Sans Frontières*
13. *Brown, E.D. (2010). Translating word knowledge in elementary school classrooms: A study of teacher time investment and pedagogical practices. Journal of Educational Research, 103(3) 187-202.*
14. *Cabigao, J. R. (2021). Class Observation Post Conference Framework for Teachers.*
15. *Cadorath, J., Harris, B., & Karolides, M. (2020). "The Role of Social-Emotional Learning in Promoting Positive Classroom Climate and Academic Success" in D. Rodriguez (Ed.), Building Social-Emotional Learning in K-12 Classrooms (pp. 123-145).*
16. *Caloing, P. G., Sanchez, V., Guion, R. M., & Lohman, B. J. (2016). The role of self-efficacy and social identity in the pursuit of science careers for underrepresented minorities. Journal of Career Development, 42(5), 488-503.*
17. *Cohen, D., & Crabtree, B. (2006). Semi-structured interviews in qualitative research. Qualitative Health Research, 16(11), 1337-1346.*
18. *Coşanay, G., & Karalı, Y. (2022). Examination of classroom teachers' 21st century teaching skills. International Online Journal of Education and Teaching (IOJET), 9(1), 432-448.*
19. *Creswell, J. W. (2012). Qualitative Inquiry & Research Design: Choosing among Five Approaches (4th ed.). Thousand Oaks, CA: SAGE.*
20. *Creswell, J. W. (2013). Qualitative Inquiry & Research Design: Choosing among Five Approaches (3rd ed.). Thousand Oaks, CA: SAGE.*
21. *Creswell, J. W., &Miller, D. C. (2014). Determining validity in qualitative inquiry. Thousand Oaks, CA: Sage.*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

22. *Crouch, M., & MacKenzie, H. (2006). The logic of small samples in interview-based qualitative research. Social Science Information, 45(4), 483-499.*
23. *Darling-Hammond, L. (2000). Teacher Quality and Student Achievement: A Review of State Policy Evidence. Education Policy Analysis Archives, 8(1)*
24. *Daza, J. (2021). Kaantasan ng Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino Tugon sa Makabagong Estratehiya sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan sa Panahon ng Pandemya. 72 Tinubdan Volume 16*
25. *De Guzman J., Abagon B. (2021). Kakayahan ng mga Guro sa Pagtuturo at Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino ng Senior High School.*
26. *De Juan, M. (2019). The Impact of Technology on Student Engagement in the Elementary Classroom. Journal of Educational Technology, 23(2), 123-140.*
27. *Dewey, J. (1938). Experience and Education. Toronto: Collier-MacMillan Canada Ltd.*
28. *Diallo, M. (2022). Multilingualism and the Education System in Senegal: A Critical Examination.*
29. *DiCicco-Bloom, B., & Crabtree, B. F. (2006). The Qualitative Research Interview. Medical Education, 40(4), 314-321.*
30. *Discaya, R. B., & Marbella, F. D. (2021). Pagsusuri sa pagsulat ng techvoc strand sa senior high school tungo sa pagbuo ng rehistro ng wikang Filipino. International Journal of Research Studies in Education, 10(8), 25-34.*
31. *Doria, E., & Conui, F. (2020). Pagbuo ng workbuk sa kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga estudyante. Langkit: Journal of Social Sciences and Humanities, 9, 19–42.*
32. *Dörnyei, Z. (2007). Research Methods in Applied Linguistics: Qualitative, Quantitative, andMixed Methods. Oxford University Press.*
33. *Eva, A. (2022). Three Ways to Feel More Hopeful as an Educator.*
34. *Frenzel, A. C., Goetz, T., Lüdtke, O., Pekrun, R., & Sutton, R. E. (2009). "Emotional transmission in the classroom: Exploring the relationship between teacher and student enjoyment." Journal of Educational Psychology, 101(3), 705-716.*
35. *Gagné, R. M. (1965). The Conditions of Learning (1st ed.). Holt, Rinehart and Winston.*
36. *Gannaban, M. F. (2020). pagsipat at pagsusuri: ang prof to pick ng mga estudyante sa dlsu. dalumat e-journal, 4(2), 225-236.*
37. *George, I.N (2017). Effective Classroom Management and Students' Academic Performance in Secondary Schools in Uyo Local GovernmentArea of Akwa Ibom State. Research in Pedagogy, Vol. 7, Issue 1 (2017), pp. 43-56.*
38. *Handbook for Instructional Materials. (n.d.). Pasco: District School Board of Pasco County Instructional Media & Technology Services.*
39. *Hargreaves, A. (2000). Mixed emotions: Teachers' perceptions of their interactions with students. Teaching and Teacher Education, 16(8), 811-826.*
40. *Hernando-Malipot, M. (2021). DepEd issues guidelines on evaluation of self-learning modules. Manila Bulletin. Herrera, M. R., & Miranda, L. C. (2021). The role of patience in managing classroom dynamics: A study on teacher resilience and student engagement. Journal of Educational Psychology, 23(4), 250-267.*
41. *Ho, C. (2014). The importance of effective communication. Research Within. Retrieved*
42. *Husserl, E. (1913).Ideas Pertaining to a Pure Phenomenology and Phenomenological Philosophy. First Book: General Introduction to Pure Phenomenology. Translated by F. Kersten. Dordrecht: Kluwer Academic Publishers.*
43. *Jones, M. (2020). The Impact of Technology on Student Engagement in the Elementary Classroom. Journal of Educational Technology, 23(2), 123-140.*
44. *Juan, A. A. (2019). "Developing Critical Thinking Skills in Filipino Senior High School Students through Project-Based Learning." Philippine Journal of Educational Research, 44(2), 189-210.*
45. *Kumaravadivelu, B. (2022). The power of English: Language, education, and globalization. Routledge.*
46. *Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1990). Judging credibility in qualitative research. In N. K. 4Denzin & Y. S. Lincoln (Eds.), Handbook of qualitative research (pp. 275-296). Sage Publications Ltd.*
47. *Lopez, R. (2021). Pagtuturo ng Asignaturang Filipino Ngayong Online Class. C*
48. *Maree, K., & Pieterson, V. L. (2007). First Steps in Research. In J. W. Creswell, L. Ebersohn, I. Eloff, R. Ferreira, N. V. Ivankova, J. D. Jansen, J. Nieuwenhuis, V. L. Pietersen, V. L. Plano Clark, & C. van der Westhuizen, Eds., First Steps in Research Sampling, Van Schuik Publishers, Pretoria, 214-223*
49. *Mayo, C. (2008). The impact of teacher education on teaching practice: An analysis of the literature. In M. Cochran-Smith, K. M. Zeichner, & C. D. Lum (Eds.), Handbook of research on teacher education: Enduring questions in changing times (3rd ed., pp. 123-146). New York: Routledge.*
50. *Meriç, E. (2023). Patience as a predictor of teachers' classroom management skills. International Online Journal of Education and Teaching (IOJET), 10(2). 959-982.*
51. *Misa , Rex. (2021), Kakayahan sa Panggramatikang Filipino ng mga Mag-aaral ng Grade 9 Laboratory High School ng Ramon Magsaysay State University, AJSSR, Volume-5, Issue-10, pp-58-68*
52. *Morse, J. M. (2015). Critical Analysis of Strategies for Determining Rigor in Qualitative Inquiry. Qualitative Health Research, 25(9), 1212-1222*
53. *Panganiban, E. (2020). "Challenges Faced by Teachers in Implementing Blended Learning in Public Schools in the Philippines." Journal of Educational Technology in Developing Economies, 23(2), 1-20.*
54. *Quiambao, R. J. (2018). Technology-enabled innovations in education: Select proceedings of the Asia-Pacific Conference on Education Technology and Innovation (APECETI 2017). Philippine Normal University Press.*
55. *Rassol, J. & Curtis, K. (2020). "The Impact of Blended Learning on Student Engagement in Math Courses." Journal of Educational Technology Research, 13(2), 101-120.*

56. *Resnik, D. B. (2011). The ethics of research with human subjects: Protecting people, advancing science, promoting trust. Oxford University Press*
57. *Robosa, J., Paras, N. E., Perante, L., Alvez, T., & Tus, J. (2021). Experiences and challenges faced of the public school teachers amidst the COVID-19 pandemic: A phenomenological study in the Philippines. International Journal Of Advance Research And Innovative Ideas In Education (IJARIIE), 7(1), 1342-1361.*
58. *Rogayan, D.V., & Dollete, L.F. (2019). Development and validation of physical science workbook for senior high school. Science Education International, 30, 284-290.*
59. *Saldana, J. (2009). The Coding Manual for Qualitative Researchers. Sage Publications Ltd.*
60. *Santos, L. R. (2021). Teacher overload: Examining the challenges of handling multiple subjects in secondary education. International Journal of Education, 15(2), 45-60*
61. *Sinag (2020). Ang Katotohanan sa New Normal sa Pambulikong Paaralan. Issuu Inc.*
62. *The Summit Express. (2018). DepEd admits students "struggle" with learning Filipino, Panitikan under K-12.*
63. *Vallecera, M. (2019). "The Effectiveness of Blended Learning in Improving Student Motivation in Secondary Science Classes." Journal of Educational Innovation, 10(2), 15-30.*
64. *Vygotsky, L. S. (1938). Mind in society: The development of higher mental functions. Harvard University Press.*